
# LOCAL COUNCILS OF WOMEN (LCW)

# WOMEN VOTERS EDUCATION MANUAL



***A Special Project of:*** **National Council of Women of the Philippines (NCWP)**

***and***

**LCW-NGO Advisory Council (LCW-NGOAC)**

***in cooperation with*:**

**Konrad Adenauer Foundation (KAF)**

**Module Research and Development:** **Center for Community Services-
Ateneo de Manila University (CCS)**

**LOCAL COUNCILS OF WOMEN (LCW)**

# WOMEN VOTERS EDUCATION MANUAL

*A Special Project of:* National Council of Women of the Philippines (NCWP)

*and*

LCW-NGO Advisory Council (LCW-NGOAC)

*in cooperation with*:

Konrad Adenauer-Stiftung, e.V. (KAF)

**Module Research and Development:** Center for Community Services- Ateneo de Manila University

*Published by the National Council of Women of the Philippines*

*Under the auspices of the Konrad Adenauer Foundation*

*Module Research and Development by the Center for Community Services – Ateneo de Manila University*

*Editorial Management by AJEN & Associates*

*Gender Perspective Integration by Ms. Evelyn Buenaventura-Alcantara*

**NATIONAL COUNCIL OF WOMEN OF THE PHILIPPINES**

**(NCWP)**

**LOCAL COUNCILS OF WOMEN – NON GOVERNMENT ORGANIZATIONS – ADVISORY COUNCIL (LCW-NGOAC)**

# *Message*

*One of the major thrusts of both the National Council of Women of the Philippines (NCWP) and the Local Councils of Women (LCW) is Gender-Responsive Governance.*

*In line with this thrust, the NCWP and LCW believe that in order to promote gender-responsive governance, the NGOs, people's organizations and other like-minded groups must be able to educate women and their families on how to choose the future leaders of their communities. Leaders of both national and local governments must be gender sensitive/advocates in order to ensure the integration of women in all aspects of development.*

*The first step undertaken by NCWP in educating women was to determine the appropriate training module on Voters Education. Thus, through partnership with the Ateneo Center for Community Services (ACCS), this Trainors' Manual was developed under the auspices of the Konrad Adenauer Foundation (KAF). The ACCS developed the original Manual and was reviewed by NCWP to integrate gender perspective in its approach and processes.*

*This Manual aims to enhance the capabilities of NCWP affiliates, LCW and other groups in promoting good governance through their voters education initiatives. This can serve as a guide for trainors on how to impart knowledge, facilitate interaction of participants and handle a non-partisan discussion.*

*NCWP and LCW are hoping that through this Manual, its affiliates, councils of women and other local women's groups will be inspired to actively participate in educating their members, clientele, constituents and their respective families on the importance of exercising their right to vote and how to vote wisely during elections.*

*We would like to express our deepest appreciation to KAF for its valuable contributions in the revision and printing of this Manual and ACCS for sharing their technical expertise to NCWP/LCW. In addition, NCWP/LCW would like to thank further both KAF and ACCS for supporting the actual application of this Manual through the Trainors' Training on Women Voters Education to be held on March 11-13, 2004 in San Mateo, Rizal.*

*As agents and targets of development, we enjoin all women's groups to spearhead activities that can create women's awareness on their important roles in ensuring gender-responsive governance.*

***COMMISSIONER MYRNA T. YAO***
*NCWP President*
*LCW-NGOAC Convenor*

Konrad
-Adenauer-
Stiftung

# *Message*

Promoting Democracy and making Democracy work are the major goals of the Konrad Adenauer Foundation (KAF), which has projects in over 100 countries worldwide.

In the Philippines, KAF has been supporting the democratic process in the last 35 years. Democracy is fully expressed and manifested in an election. However, it is only when the citizenry votes according to what they believe and not on what they receive, that we can confidently say that democracy is working.

Voters' education has been part of KAF's program for several years. We have been working with various groups and because we believe in the power of women in shaping a democratic society, we support the publication of this Manual. We believe that making the women informed and giving them all possible choices will motivate and make them choose the better candidates. Informed women voters are also effective tools to ensuring free and honest elections. We believe further that this tried, tested, simplified module is a holistic approach to women voters education which are confident can yield significant, multiple and long- lasting results.

I congratulate the National Council of Women of the Philippines (NCWP) and the Ateneo Center for Community Services (ACCS) both of whom are long-time partners of the Foundation, for the their continued efforts and commitment to ensure free, peaceful and honest elections through voters' education research and campaign.

I urge not only the women but also the men to work together to make democracy work in the Philippines. Let us do all possible ways to inform and educate the citizenry, the voters, as this is a sure way to a more genuine democracy.

**KLAUS PRESCHLE**
*Country Representative*
*Konrad Adenauer Foundation*

# CENTER FOR COMMUNITY SERVICES
# ATENEO DE MANILA UNIVERSITY

## *Message*

*The Center for Community Services (CCS) of the Ateneo de Manila University has lived through a long history of involvement with groups in Philippine society This includes work with farmers, organized workers, fisherfolk, and youth. The Center has evolved from welfare, to organizing, to support services to training and empowerment through skills development. The common thread through all this has been the effort to reach out and respond to those sectors of Philippine society that continues to be marginalized, through lack of access to basic human resources. Its vision has always included the transformation of Philippine society for greater equality and justice.*

*Today, the CCS carries on this same tradition by helping out in urban poor and rural poor communities, in such areas as development entrepreneurship, support services for health and education, leadership formation, and civic education and training.*

*The CCS, together with National Council of Women of the Philippines (NCWP), is pleased to present this manual, as part of its effort to contribute to the development of communities that are responsive to the needs of the country and able and willing to work with its imperfect institutions. One such institution is democracy, of which a central activity is the electoral exercise.*

*The preservation and strengthening of Philippine democracy demands the effective participation of conscientious and responsible citizens and organizations. These agents must be able to mine the wealth of democratic institutions and move towards the election of leaders who will be able to provide both vision and efficiency in implementation. To do so, they must be able to articulate a vision for leadership.*

*This is a voters, education manual which has a very modest objective: the creation and effective use of democratic space to help communities of responsible citizens optimize the power of the vote, for authentic national development built on equity and sustainability. Moreover, it seeks to work with base communities, through a process that starts from below. Thus, its strategy is necessarily from below, based on a fundamental respect for human development, and seeking to contribute to the empowerment of those who remain on the margins of Philippine society.*

*The CCS congratulates the NCWP with the hope that this manual will not remain on a bookshelf, but will be carried down to various women's groups and their respective communities, who can now add yet one more skill for civic education.*

*FR. JOSE C.J. MAGADIA, SJ, PhD.*
*Executive Director*

*Karapatang bumoto ng kababaihan ay ipinaglabanan..*
*Ng mga kababaihan na noon ay salat sa karapatan.*
*Ngayong ito ay atin nang nakakamtan…*
*Huwag sayangin ang botong na kanilang lubos na pinahalagahan…*
*Tayo ay lumahok sa halalan…*
*at iboto ang magtataguyod sa kapakanan ng kababaihan.*

# TABLE OF CONTENTS

Messages

National Council of Women of the Philippines & Local Councils of Women i
Konrad Adenauer Foundation ii
Center for Community Services – Ateneo de Manila University iii

Panimula 1

Ang Boto ng Kababaihang Pilipino 2

Gender and Development 3

CCS Voters Education Chart 4

Konsepto ng Mapanlahok na Pamahalaan 5

Demokratisasyon o Higit na Pakikilahok ng Taumbayan sa Pamamahala 9

Performance Assessment Framework 19

Track Record Framework 26

Tools on Data Gathering 28

Programs of Government 38

Matching of Candidates 39

Stop/Start /Continue 40

# PANIMULA

Isang malaking hamon sa NCWP at LCW ang resulta ng isang survey tungkol sa pag-aaral kung naging epektibo ang mga patalastas o advertisement ukol sa pagtuturo sa mga mamamayan ng wastong pagboto. Ayon sa survey na ipinatupad ng Center for International Studies – Massachusetts Institute of Tecnology sa Maryland, 65% ng kababaihan botante ay handang tumanggap ng pera sa mga kandidato at 81% ng mga kababaihan ay handang bumoto sa mga kandidato na magbibigay sa kanila ng pera.

Ang resulta ng survey na ito ay hindi dapat ipagsawalang bahala dahil ito ay may mahalagang epekto sa pambansang kalagayan ng Pilipinas. Ang malaking bilang ng mga kababaihang botante ay nangangahulugan ng malaking papel na ginagampanan nito sa pamimili ng ating mga pambansa at lokal na pinuno ng pamahalaan.

Upang matugunan ang pangangailangan na maturuan ang mga kababaihan ng wastong pamamaraan ng pagpili ng kandidato, ang NCWP at LCW ay nakipag-ugnayan sa Ateneo Center for Community Services (ACCS) upang magkaroon ito ng sapat na kakayahan na magturo sa mga kababaihan kung paano ang tamang paraan ng pagpili ng kandidato. Ang ACCS ay bukas ang loob na ibahagi sa NCWP/LCW ang kanilang kanyang kaalaman sa pamamagitan ng pagbibigay sa NCWP ng pahintulot na magamit ang kanilang Voters Education (VE) Module. Ang module na ito ay sinuri ng NCWP upang malapatan ng kaukulang gender perspective sa mga konsepto at pagtuturo nito.

Ang hakbanging ginawa ng NCWP ay nararapat upang siguruhin na ang bawat sesyon ng VE ay pinag-uukulan ang kapakapanan ng kababaihan. Ito ay naaayon sa isa sa mga pangunahing tahakin ng NCWP at LCW - ang pagkakaroon ng isang gender-responsive governance.

Ang Manual na ito ay isinulat sa wikang Filipino upang maging madali para sa mga trainors ang pagpapaabot ng mensahe nito sa mga malilit na komunidad na siyang pangunahin target ng proyektong VE. Tinatalakay dito ang mga konsepto at pamamaraan upang makamit ang demokratikong pamamahala at batayan sa mga ng pagpili ng mga kandidato. Ang unang bahagi nito ay tumatalakay sa kababaihan - ang kahalagahan ng kanilang boto at ang kanilang responsibilidad bilang mamamayan. Mayroon din ito ng maikling talakayan ukol sa gender and development (GAD). Kung sakaling ang mga kalahok sa training o pulong ay may sapat nang kaalaman ukol sa GAD, maaari huwag nang talakayin ang bahaging ito.

Ang Manual na ito ay inaasahang magsisilbing gabay ng mga trainors sa mga grassroots communities. Ito ay gagamitin ng ACCS sa isang Trainors on Training Women Voters Education na kanilang ipapatupad para sa mga napiling trainors ng NCWP/LCW. Sa training na ito malalaman kung ang Manual na ito ay tumutugon sa mga pangangailangan ng mga trainors ng NCWP/LCW. Ang mga kalahok na trainors ay inaasahang magsasagawa ng mga echo trainings sa kanilang lugar. Ang mga kalahok naman sa echo trainings ay inaasahang magsasagawa ng mga pulong at talakayan ukol sa wastong pagboto di lamang sa darating na eleksyon. Ang proyektong VE ng NCWP/LCW ay tuloy tuloy na gawain upang makamit ang tunay na nagkakaisang boto (solid vote) ng kababaihang Pilipino.

Kung may mungkahi o puna sa Manual na ito, huwag mag-atubili na ipaalam sa NCWP upang ito ay mapag-aralan at baguhin kung kinakailangan. Nawa'y maging matagumpay ang mga sisimulang pagkilos ng mga trainors ng NCWP at LCW upang sila ay maging instrumento sa pagkakaroon ng isang malinis, maayos at matahimik na halalan na kung saan ang mga kababaihan ay boboto ng matalino at naaayon sa kanilang konsyensya.

# ANG BOTO NG KABABAIHANG PILIPINO

Ang unang bahagi ng Women Voters Education (WVE) ay nararapat simulan sa pagbibigay ng kaalaman kung gaano kahalaga para sa kababaihan ang pagkakaroon ng karapatan na lumahok sa halalan. Ang mga sumusunod na bahagi ay nararapat na ipaalam sa mga dadalo ng pagsasanay ng WVE.

Ang pagkakaroon ng karapatang bumuto ng mga kababaihang Pilipino ay hindi kusang ibinigay ng pamahalaan sa mga kababaihan. Hindi ito kasama sa taglay na karapatan ng mga kababaihan bilang isang mamamayan na ipinanganak sa Pilipinas o may magulang na parehong Pilipino. Noong unang panahon ang mga kalalakihan lamang ang may karapatang pumili ng mga pinuno ng bansa. Bilang mga ulo ng pamilya (head of the family), sila lamang ang pinaniniwalaang may kakayahan upang nanungkulan o bumuto ng mga karapat-dapat na kandidato na pawang mga kalalakihan. Ang mga kababaihan noon bilang mga tagasuporta ng mga kalalakihan ay nanatili lamang na tagasunod sa mga desisyon ng kanilang mga asawa, ama o kapatid na lalaki. Bagama't may mga unti-unting pagkilala sa mga kakayahan ng kababaihang Pilipino, hindi ito tiningnan na pangunahin o mahalaga sa larangan ng pamumuno ng ating bansa.

Ang pagkakaroon ng karapatang bumuto ng mga kababaihan ay isang mahabang proseso ng pagpapatunay sa kakayahan nila na pumili ng pinuno ng bansa at kakayahang maging pinuno. Matapos ang World War II na kung saan napatunayan ang kadakilaan ng mga kababaihan sa pagtataguyod ng kanilang pamilya habang ang mga kalalakihan ay nakikipaglaban, binigyan ng pagkilala ni Pangulong Manuel Roxas ang mga kababaihan sa kanilang mahalagang kontribusyon sa pagbangon ng bansa matapos ang digmaan. Dito na nagkaroon ng lakas ng loob ang mga kababaihan na unti-unting isulong ang kanilang kapakanan. Sa pamamagitan ng NCWP na noon ay may pangalang Women's Civic Assembly, nagkaroon ng pagkilos ang mga kababaihan ukol sa pagtataguyod ng kanilang karapatang bumuto at maibotong pinuno ng bansa.

Ang bunga ng mga pagkilos na ito ay ang pagwawagi ni Senadora Geronima Pecson bilang kauna-unahang senadora ng Pilipinas at pagluluklok kay Ginang Asuncion Perez bilang kauna-unahang Kalihim ng Department of Social Welfare. Sina Senadora Pecson at Kalihim Perez ay naging pangulo ng NCWP.

Batay sa kasaysayang ito, iparating ang mensahe na nararapat lamang na pahalagahan ng mga kababaihan ang kanilang karapatang bumoto. Nararapat na sila ay bumoto sa bawat eleksyon at maging maingat ng pagpili ng mga kandidato. Iisa lamang ang boto ng bawat kababaihan, ngunit pag ito ay pinagsama-sama ito ay bumubuo ng kalahati ng kabuuang boto ng lahat na mga botante. Kaya't ang boto ng kababaihan ay mahalaga.

Dapat gabayan ang mga kababaihan ukol sa pamantayan sa pagpili ng mga kandidato. Upang isulong ang kanilang patuloy na pag-unlad, nararapat lamang na iboto ang mga kandidato na sumusuporta sa kababaihan at hindi magiging balakid sa mga programa na nagtataguyod sa kanilang kapakanan. Dapat turuan ang mga kababaihan kung paano suriin ang isang kandidato ayon sa kanyang pananaw ukol sa kababaihan. Maaaring may mga kandidato na babae ngunit hindi ito nangangahulugan na sila ay kikilos para sa kababaihan. Kailangang alamin kung ang babaeng kandidato ay may mulat na kaisipan ukol sa kakayahan ng kababaihan at may track record na sa pagtulong sa kababaihan. Hindi lamang sa pagpili ng pinuno ng mga pambansang pangulo, pangalawang pangulo, senador, kinatawan sa Kongreso, alkalde, bise-alkalde, mga bocal at iba pang indibiwal ang dapat isipin ng kababaihang botante. Nararapat din nilang pag-aralan kung sinong partido para sa party list ang dapat iboto. Ang partido ng kababaihan na may magandang plataporma, may track record, may

mga pinuno na prominente sa pagtataguyod ng kababaihan at may malalim na pananaw at pagkilala sa potensyal ng mga kababaihan ay dapat maging basehan sa pagpili ng party list.

## GENDER AND DEVELOPMENT

Upang maunawaan ng mga kalahok sa training kung ano ang tinatawag na gender perspective sa WVE, nararapat na talakayin ang Gender and Development (GAD). Kung ang mga kalahok ay may sapat nang kaaalaman ukol sa GAD, maaring huwag nang talakayin ang bahaging ito.

Ang unang bahagi ng sesyon na ito ay ang pagtatanong sa mga kalahok kung ano ang kahulugan ng KAUNLARAN para sa kanila. Isulat ang mga kasagutan sa pisara. Matapos malikom ang mga sagot, suriin ito upang mabuo ang tunay na kahulugan ng KAUNLARAN. Ang tunay ng kahulugan ng KAUNLARAN ay ang pagkakaroon ng isang maayos at kasiyasiya buhay para sa lahat (attainment of a full and satisfying life for all).

Matapos talakayin ang kahulugan ng KAUNLARAN, talakayin naman ang pamamaraan upang makamit ito. Ang mga kakayahang ito ay ang mga sumusunod:

- kakayahang gumawa ng kapakipakinabang at kasiya-siyang pagkilos;
- kakayahang magkaroon ng pagkakakitaan at makinabang sa bunga ng pagsusumikap;
- kakayahang alagaan ang kalikasan at magtamasa sa kagandahan nito;
- kakayahang magluwal ng isang sanggol at alagaan ito;
- kakayahang magpakita ng pagmamalasakit sa kapwa; at
- kakayahang maglakbay upang makakita ng oportunidad.

Ang mga nabanggit ay tinatawag na “capacity to do” o kakayahang gawin ng bawat nilalalang. Maaaring may maidagdag ang mga kalahok sa mga kakayahang nabanggit. Suriin ito upang malaman kung ito ba ay bahagi ba o may kinalalaman na sa mga nabanggit. Matapos ang pasusuri, tanungin naman ang mga kalahok kung ano ang karapatan o oportunidad ng mga nilalalang. Ito ay ang mga sumusunod:

- karapatan o oportunidad na magkaroon ng kaalaman at kakayahan
- karapatang maging malusog;
- pagkakaroon ng tiwala sa sariling kakayahan
- karapatang maging maligaya sa mga nagawa sa buhay at pagiging malaya at magkaroon ng pansariling kapangyarihan

Matapos talakayin ito, suriin kung ano ba ang responsibilidad ng pamahalaan. Dito malalaman na ang responsibilidad ng pamahalaan ay ang pangangalaga ng karapatan ng mga mamamayan; at pagbibigay ng oportunidad para sa bawat isa.

Batay sa pananaw na ito, nangangahulugan na ang KAUNLARAN ay responsibilidad ng pamahalaan at mamamayan. Ito ay dapat tinatamasa ng bawat isa kahit anong uri pa siya. Kahit siya ay may ibang edad, relihiyon, tribo, estado sa buhay at kasarian.

Tanungin ang mga kalahok, kung ang kaunlaran ay para sa lahat, bakit hindi lubos na tinatamasa ng mga kababaihan ang kaunlaran. Sa bahaging ito malilikom sa mga kalahok ang mga di tamang pananaw sa mga kababaihan sa maraming aspeto ng buhay. Mula sa mga opinyon ng mga kalahok, malalaman na ang sanhi nito ay ang maling pananaw na ang mga papel ng kababaihan ay sekundaryo lamang at limitado ang kanilang kakayahang tumulong sa pagunlad.

Sa bahaging ito, talakayin ang pagkakaiba ng sex at gender. Ang sex ay may kinalalaman sa biological attributes tulad: 1) Pagkakaiba ng pagtawag sa kababaihan o kalalakihan ayon sa ating kinamulatan; 2) Ayon sa pisikal na kaanyuan, tindig at genitals; at 3) ayon sa hormones, choromosomes at ari

Ang gender ay ang isang pananaw o paniniwala ukol sa limitadong kakayahan ng kababaihan. Ito ay ang mga nakatatak na niyang gawain at papel na dapat niyang gampanan sa pamilya at komunidad. Ito ay itinakda ng kultura at naging tradisyon sa Pilipinas at iba pang bansa. Ang pamilya, paaralan, simbahan. media at pamahalaan ang nagdeklara mula noong unang panahon na ang kababaihan ay:

Pananaw sa kababaihan (perception) - Mahina, emosyonal, hindi matalino at hindi practical ang mga kababaihan samantalang ang kalalakihan ay malakas, buo ang loob, matalino at practical.

Papel (Roles) - Walang kakayahan ang kababaihan na maging pinuno, hindi marunong magdesisyon at hindi maaaring bigyan ng mahirap na gawain samantalang ang kalalakihan ay mahusay na lider, mahusay magdesisyon at kaya ang lahat ng gawain.

Inaasahan (Expectations) - Ang mga babae ay inaasahang manatili lamang sa tahanan, sumuporta sa kalalakihan, maging masunurin sa desisyon at mag-alaga na lang ng mga anak at tahanan. Ang mga lalaki ay inaasahang na magkaroon ng oportunidad sa labas ng bahay, nakakaalam ng tamang paraan, hindi kailangang tumulong sa gawaing bahay at dapat pagsilbihan.


Dahil may pagkiling ang lipunan sa pananaw, papel, inaasahan sa kababaihan at kalalakihan, hindi nakakamit ng kababaihan ang tunay na kaunlaran. Ang mga kababaihan at kalalakihan ay nalagay sa isang de kahon na kondisyon na kung saan ang kultura ay nagdidikta na may malaking pagkakaiba ang kababaihan at kalalakihan.

Upang tugunan ito, ang GAD ay isang konsepto na binuo at isinakatuparan ng mga iba't-ibang grupo ng kababaihan, pamahalaan at ibang bansa. Ang GAD ay unti-unting bumubura sa maling paniniwala ukol sa gender. Ang mga gender biases ay pumipigil sa mga mamamayan na paunlarin ang kanilang kakayahan. Ang GAD ay nagsasaad na ang kaunlaran at oportunidad ay dapat ibinibigay sa lahat, maging babae man o lalaki. Ito ay nakatuon sa kababaihan dahil sila ay bumubuo ng kalahati ng kabuuang populasyon ng Pilipinas. Habang sila ay tumutulong sa pagpapaunlad ng ekonomiya, sila ay patuloy pa ring nakakaranas ng gender biases at hindi nila lubusang nakakamit ang mga kasaganaan na dapat ay para sa lahat.

Upang suportahan ang pagpapatupad ng GAD may mga batas na tumutugon dito tulad ng Article 11, Section 14 ng ating Konstitusyon, mga Republic Acts, GAD budget at mga international mandates tulad ng UN, CEDAW at iba pa. Bukod sa mga batas na nabanggit, nararapat na magtulungan ang bawat isa sa pag-aalis ng gender biases di lamang sa ating lipunan kungdi sa ating mga sarili at sa ating pamilya.

Sa pagkakataong ito, maaaring talakayin ng tagapagdaloy ang mga gender biases ng bawat isa at kung paano ito matutugunan ng GAD. Nararapat na sila ay gumawa ng personal at propesyunal na pagkilos upang maitaguyod ang pagkakaroon ng pagbabago tungo sa pag-aalis ng pansariling gender biases. Ang tunay na kaunlaran at matatamasa ng lahat kung ang kababaihan at kalalakihan ay may pantay na karapatan at oportunidad.

# CCS VOTERS EDUCATION



# KONSEPTO NG MAPANLAHOK NA PAMAMAHALA



## I. Pambungad

Ito ang unang paksa sa ating Voters Education. Bago magkaroon ng talakayan tungkol sa mga ligal na konsepto ng pamamahalang lokal, mahalagang maunawaan muna ng mga kalahok kung ano ba ang pamamahalang lokal at kung bakit ba mahalaga ito upang maisulong ang kapakanan ng mga kababaihan at kalalakhan. Maaaring magkaroon muna ng panimulang pagtatanong sa mga kalahok kung ano ba ang pagkaunawa nila sa pamamahalang lokal at ano ang papel na ginampanan ng kababaihan at kalalakhan sa pagpapaunlad nito bago simulan ang sesyon na ito.

## II. Layunin

Layunin ng sesyon na ito na maunawaan ng mga kalahok ang kahulugan ng pamamahalang lokal, ang kahalagahan nito, ang mga batayang prinsipyo nito, at ang kahalagahan ng pakikialam at pakikilahok ng mga mamamayang kababaihan at kalalakihan sa sa larangang ito gayun na rin ang iba't-ibang venues ng pakikilahok ng mga mamamayan.

## III. Daloy ng Sesyon (nilalaman at pamamaraan)

### *A. Sagwan, Sagwan (Tungo sa Kaunlaran)*

Ito ay isang laro na naglalayong ipakita ang kahalagahan ng pamamahalang lokal. Maaari itong gamitin kung may hindi bababa sa dalawampu't limang kalahok sa pag-aaral.

1. Mga kagamitan:

   - mga ginupit na papel (cards) na may guhit na isda, tinapay, at lalagyan ng inumin
   - pisara at chalk, o Manila paper at pentel pen

   ***Ang dami ng cards ay depende sa dami ng mga kalahok. (Ipaliliwanag ito sa ibaba.)

2. Daloy ng laro:

   Hahatiin muna ang mga kalahok sa mga grupo na ang bawat grupo ay may lima hanggang walong miyembro. Tiyaking may kababaihan sa bawat grupo. Kapag nahati na ang mga kalahok, pahanayin sila nang tig-isang hanay bawat grupo sa isang dulo ng lugar ng pag-aaral. Dapat magkakaagapay ang mga grupo at nakaharap sa kabilang dulo ng lugar ng pag-aaral. Magkakapantay dapat ang bilang ng mga taong nasa harap ng bawat grupo.

   Pagkatapos nito, ipaliliwanag sa mga kalahok na ang bawat grupo ay nakasakay sa isang bangka. Bibigyan ang bawat grupo ng mga sagwan (3-4 na sagwan sa bawat grupo). Lahat ng bangka ay

maglalakbay patungo sa isang islang tinatawag na Kaunlaran. Mahaba ang magiging paglalakbay at kailangan ng paghahanda. Dahil dito, sasabihin sa mga kalahok na kailangan nilang pumili ng isang lider na bangka na siyang mamumuno sa lahat ng kalahok patungo sa isla Kaunlaran. Pagkatapos makapili ng lider na bangka, sasabihin sa mga kalahok na kailangang palakasin ang lider na bangka. Dahil dito, ang bawat bangka ay magbibigay ng taong pinakamagaling magsagwan (at kasama siyempre ang isang sagwan) sa lider na bangka. Palilipatin ng bawat bangka ang taong napili, dala-dala ang isang sagwan, sa lider na bangka. Sisimulan na ang paglalakbay.

Ipabilang sa bawat bangka ang kanilang mga sagwan. Dahil ang bangkang mas maraming sagwan ay mas mabilis ang galaw sa tubig, sasabihin sa mga kalahok na sabay-sabay silang hahakbang ayon sa dami ng sagwan na hawak ng bawat grupo. Kung may dalawang sagwan ang grupo, dalawang hakbang lang sila, kung may apat, apat na hakbang, etc. Siyempre, mauuna ang lider na bangka dahil ito ang may pinakamaraming sagwan. Ang paghakbang ng mga kalahok ay sabay sabay na gagawin sa pagsigaw ng tagapagdaloy ng "sagwan, sagwan."

Sasabihin ngayon sa mga kalahok na nakarating ang lider na bangka sa lugar na maraming isda. Bibigyan ngayon ng mga papel na may guhit na isda ang taong nasa unahan ng lider na bangka. Dapat siguruhin ng tagapagpadaloy na hindi sasapat ang bilang ng isda sa lahat ng mga kalahok. Sa pagbigay ng mga isda sa taong nasa unahan ng lider na bangka, sasabihan siya ng tagapagpadaloy na kumuha ng isda na sa tingin ng taong ito ay kakailanganin niya sa paglalakbay (walang limitasyon sa bilang) at pagkakuha niya, ipasa niya sa likuran para kumuha naman ang iba pa niyang kasama sa bangka.  Kapag nakarating na sa dulo ng lider na bangka ang mga isda, ang natitira ay ipapasa naman sa iba pang bangka para makakuha naman ang iba pang kalahok. Dahil kulang ang bilang ng mga isda, siguradong may mga bangkang kakaunti lang ang makukuhang isda kaya may mga kalahok na hindi makatatanggap ng isda. Ipabilang sa mga bangka ang nakuhang isda ng bawat bangka.

Dahil mas busog ang mga sakay ng bangka na nakakain ng isda, mas mabilis ang galaw ng bangkang mas maraming isda. Sa hudyat na "sagwan, sagwan," hahakbang uli ang mga kalahok ayon naman sa dami ng isdang nakuha ng bawat bangka. Isang isda, isang hakbang. Dahil malamang na mas maraming nakuhang isda ang lider na bangka, inaasahang lalayo ang agwat ng lider na bangka sa iba pang bangka.

Sasabihin ngayon sa mga kalahok na nakarating ang lider na bangka sa lugar na may mga tinapay. Bibigyan ngayon ng mga papel na may guhit na tinapay ang taong nasa unahan ng lider na bangka. Dapat uling siguruhin ng tagapagpadaloy na hindi sasapat ang bilang ng tinapay sa lahat ng mga kalahok. Sa pag-abot ng mga tinapay sa taong nasa unahan ng lider na bangka, sasabihan siyang kumuha ng tinapay na sa tingin niya ay kakailanganin niya sa paglalakbay (walang limitasyon sa bilang) at pagkakuha niya, ipasa niya sa likuran para kumuha naman ang iba pa niyang kasama sa bangka. Kapag nakarating na sa dulo ng bangka ang mga tinapay, ang natitira ay ipapasa naman sa iba pang bangka para makakuha naman ang iba pang kalahok.  Pagkatapos nito, ipabilang sa mga bangka ang nakuhang tinapay ng bawa't bangka. Sa hudyat na "sagwan, sagwan," hahakbang uli ang mga kalahok ayon sa dami ng nakuhang tinapay ng bawat bangka.

Uulitin ang daloy para naman sa inumin. Inaasahang pagkatapos ng paghakbang ayon sa dami ng inumin, makaaabot o makalalapit na sa kabilang dulo ng lugar ng pag-aaral ang lider na bangka habang ang ibang mga bangka ay naiiwan pa at bahagya lamang nakausad mula sa kanilang pinagmulan.  Tatapusin ng tagapagpadaloy ang laro sa pagsasabing nakarating na sa isla Kaunlaran ang lider na bangka.

3. Pagtalakay sa laro

   Pagkatapos ng laro, tatalakayin ang mga nangyari sa laro.Mananatili pa ring nakatayo ang mga kalahok sa puwestong kinalalagyan ng kanilang mga "bangka". Narito ang ilan sa mga gabay na tanong para sa talakayan:Ano ang naramdaman ninyo sa laro? Masaya ba kayo na nakarating sa isla Kaunlaran ang lider na bangka? (Tanungin ang mga tao sa iba't-ibang bangka.)

   a. Ano ang masasabi ninyo sa pagpapalipat ng mga magagaling na magsasagwan (at kanilang sagwan) sa lider na bangka para mapalakas ito? Paano pinili ang mga magagaling na magsagwan? May kinalaman ba ang kasarian sa pagpili ng kung sino ang sasakay sa lider ng bangka? Ano ang epekto nito?

   b. Ano ang masasabi ninyo sa pagbabahagi ng mga isda, tinapay, at inumin?

   c. Bakit may mga naubusan ng isda, tinapay, at inumin?

   d. (Para sa taong nasa unahan ng lider na bangka at sa iba pa niyang mga kasama) Paano ang ginawa mong pagkuha ng isda, tinapay, at inumin? Ano ang bataya mo sa pagkuha ng mga ito?

   e. May ginawa ba ang mga taong naiiwan para humanap ng solusyon sa kanilang kalagayan? Ano ang karamihan sa kanila, kababaihan ba o kalalakihan? Nagreklamo ba sila? Kung wala silang ginawa, bakit?

   (Maaaring magkaroon ng pagtatalo sa pagitan ng mga kasama sa lider na bangka at ng mga taong naiwan. Maaaring ipagtanggol ng mga nasa lider na bangka ang kanilang sarili laban sa mga pagpuna ng mga taong naiwan. Kung ganito ang mangyari, hayaan lamang na magsagutan ang mga kalahok pero patuloy pa rin ang pagpapadaloy.)

   Matapos ang mga pag-uusap tungkol sa laro, dadako naman ang talakayan sa mga nangyayari sa bayan. Maaaring magsimula ang ganitong talakayan sa tanong na ito:

   - Anong mga katulad na pangyayari o situwasyon sa ating bayan ang makikita natin sa mga nangyari sa laro? Ipinakikita ba ng sitwasyong ito ang tunay na kalagayan ng mga kababaihan at kalalakihan?

4. Oras: 30-45 minuto para sa aktuwal na laro; 30-45 minuto para sa pagtalakay

## <u>Input & Interactive Discussion: Mapanlahok na Pamamahala</u>

### I. Kahulugan ng Paggugubyerno

- Ito ay interaksyon at inter-kooperasyon ng iba't-ibang sektor ng lipunan sa kanyang gobyerno na may layunin ng pagbubuo ng polisiya at plano, pagpapatupad ng mga programa at pagsubaybay at pagtatasa ng mga gawain na itaguyod ang pangkalahatang kagalingang panlipunan.

### II. Democratization of Power

- Ang paggugubyerno ay maaring tingnan bilang isang instrumento ng pagsasakapangyarihan ng mamamayan. Ang proseso ng demokratisasyon ay kailangang tumalakay sa dalawang uri ng pagsasakapangyarihan sa mamamayang kababaihan o kalalakihan. Ito ay desentralisasyon o

awtonomiya ng lokal na pamahalaan at ang partisipasyon ng mamamayan. Hindi hiwalay ang dalawang bahagi ng estratehiya bagkus komplementaryo. Habang pinapalakas ang kapasidad ng lokal na pamahalaan para maging makabuluhan ang paggugubyerno, pinalalawak din ang karapatan ng mamamayan sa pamamagitan ng pakikisangkot sa gawain ng estado.

## Pagsasagawa ng Desentralisasyon

Hindi madaling proseso ang desentralisasyon at hindi ito kaagad-agad maisasagawa. Sa pagsasagawa ng desentralisasyon, may tatlong pangunahing hakbang:

1. ***Deconcentration***. Sa hakbang na ito, inililipat ang kapangyarihan, gawain, tungkulin at responsibilidad mula sa sentral na tanggapan ng isang departamento ng pamahalaang sentral patungo sa mga tanggapan nito sa rehiyon. Halimbawa: Dati, ang lahat ng programa ng Departamento ng Edukasyon ay nanggagaling sa sentral na tanggapan, partikular sa tanggapan ng Kalihim ng Departamento, at ibinababa na lamang sa mga tanggapan sa mga rehiyon ng departamento. Sa ilalim ng desentralisasyon, nabibigyan ng higit na kapangyarihan ang mga tanggapan ng Departamento ng Edukasyon sa mga rehiyon na magpasya para sa kanilang sarili at magplano ng sarili nilang programa. Hindi na lamang sila umaasa sa programa at pagdedesisyon ng kanilang sentral na tanggapan.

2. ***Devolution***. Sa hakbang na ito, lumalabas ang kapangyarihan, gawain, tungkulin at responsibilidad mula sa pamahalaang sentral patungo sa mga pamahalaang lokal. Halimbawa: Ang operasyon ng mga traysikel na dati ay nasa ilalim ng pamamahala ng Departamento ng Transportasyon at Komunikasyon ay nailipat na ngayon sa mga pamahalaang lokal, partikular sa mga bayan at lungsod.

3. ***Debureaucratization***. Sa hakbang na ito, nagkakaroon ng paglilipat ng mga gawain, tungkulin at responsibilidad mula sa pamahalaang sentral patungo sa mga pribadong samahan. Halimbawa: Ang pagpapalakad ng mga pamilihan ay maaaring gawin ng mga pribadong samahan.

## Lokal na Awtonomiya

Dahil layunin ng desentralisasyon na bigyang pansin ang kaunlaran ng maliliit na pamayanan sinisikap na magkaroon ng mga pamayanang malakas at nakatatayo sa kanilang sariling paa. Magkakaroon sila ng sapat na kapangyarihan para magamit nila ang kanilang angking yaman at kalakasan para sa kanilang sariling pag-unlad. Hindi na sila magiging palaasa sa pamahalaang sentral. Sila na ang magpapasya sa direksiyong gusto nilang tahakin tungo sa landas ng kaunlaran.

Mahalagang bahagi ng layuning ito na palakasin ang mga lokal na pamayanan at ang pagbibigay sa kanila ng tiwala ng pamahalaang sentral, na kaya nilang gampanan ang pamamahala nang hindi masyadong umaasa sa pamahalaang sentral. Dahil dito, hindi maiaalis sa desentralisasyon ang pagkakaroon ng mga pamahalaang lokal ng kalayaan mula sa pagkontrol ng pamahalaang sentral. Ito ang tinatawag na lokal na awtonomiya. Ang prinsipyo ng lokal na awtonomiya para sa mga pamahalaang lokal ay isang batayang prinsipyo na isinasaad sa mismong Saligang Batas ng Pilipinas.

# DEMOKRATISASYON O HIGIT NA PAKIKILAHOK NG TAUMBAYAN SA PAMAMAHALA



Hindi maihihiwalay sa desentralisasyon ng pamamahala ang pakikilahok ng taumbayan sa lokal na pamamahala. Dahil ang layunin nga ng desentralisasyon ay ang makamit ang kaunlarang magbibigay ng biyaya sa lahat sa pamamagitan ng makatarungang pagbabahagi ng yaman. Napakahalaga na pati ang kapangyarihan ay maibahagi rin sa makatarungang paraan. Dito ngayon pumapasok ang bahagi ng desentralisasyon na may kinalaman sa pakikilahok ng taumbayan – ang Demokratisasyon. Dapat isaisip na ang taumbayan ay binubuo ng kababaihan at kalalakihang may pantay na karapatang makilahok sa mga usapin ng lokal na pamahalaan.

Ang demokratisasyon ng lokal na pamamahala ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng mas maraming puwang para sa pakikilahok ng taumbayan sa lokal na pamamahala. Sa prinsipyo ng demokratisasyon, binibigyan ng higit na pagkakataon ang taumbayan na makilahok sa mga balangkas ng pamamahala. Tunay ngang hindi lamang para sa mga namumuno sa pamahalaan ang lokal na pamamahala. Higit sa lahat, ang lokal na pamamahala ay para sa taumbayan na rin na maaaring aktibong makilahok sa mga balangkas ng pamamahala. Ang pakikilahok ng kababaihan sa pagbuo ng balangkas na ito ay isang mahalagang aspeto ng demokratisasyon.

## ANG MGA IBA'T IBANG PUWANG SA PAKIKILAHOK SA LOKAL NA PAMAMAHALA

**RECALL** Ito ay isang pamamaraan kung saan tinatanggal ng mga mamamayan sa puwesto ang isang inihalal na opisyal bago ang pagtatapos ng termino ng pagseserbisyo. Isa ito sa mga batayang karapatan ng mga mamamayan at kaakibat sa karapatang maghalal. Ang kapangyarihang magsagawa ng Recall ay isang pag-alis ng pagtitiwala ng mamamayan sa opisyal.

**a. Sino ang maaring magsagawa ng Recall ?**

Ang Recall ay isinasagawa ng mga rehistradong botante ng lokal na pamahalaan kung saan naninilbihan ang opisyal na nais tanggalin.

**b. Ano ang kadahilanan upang makapag-Recall ?**

Iisa lang ang dahilan at ito ay ang pagkawala ng tiwala (loss of confidence ) sa opisyal. Walang nakasaad sa LGC kung anong tukoy na kilos o pang-aabuso ng opisyal ang masasabing pagkawala ng tiwala. Nasa mamamayan ang kapangyarihan na magtakda ng pagkawala ng tiwala, isang "political question" kung saan hindi pinapasukan ng korte ang usapin.

**c. Ano ang mga pamamaraan ng pagsisimula ng Recall?**

May dalawang (2) uri ng pagsisimula ng Recall: **i) direkta o tuwirang** paraan ng rehistradong botante; o **ii) di-tuwiran** - paraan ng "preparatory recall assembly."

**i. Direkta o Tuwirang Paraan:** Ito ang Recall sa pamamagitan ng pagsampa ng isang petisyon ng di-kukulang sa dalawampu't limang porsyento (25%) ng kabuuang bilang ng mga rehistradong botante sa lokal na pamahalaan. Sapagkat mas mataas na porsyento ng rehistradong botante ay kababaihan, nararapat na sila ay mabilang sa 25% na ito.

**i. Proseso sa direkta o tuwirang paraan**

- *Paunang pagsampa ng petisyon sa lokal na opisina ng COMELEC (Ayon sa Angobung vs. Comelec 269 SCRA 245, hindi kailangan na nakapirma na 1ahat ng 25% ng botante sa pagsampa, kahit na isang pirma lamang ay maari na basta't nakalagay na sa petisyon ang pangalan ng mga botanteng aabot ng 25%.);*

- *Pagpirma at pagsampa ng napirmahang petisyon sa COMELEC. Ang pagpirma ay isasagawa sa harapan ng election registrar o ng kanyang kinatawan, sa kinatawan ng nagsampa ng petisyon, at ng kinatawan ng opisyal na nais tanggalin ayon sa Recall, sa isang publikong lugar sa loob ng lokal na pamahalaan. Sa puntong ito, kinakailangan na makuha ang pirma ng 25% ng rehistradong botante;*

- *Paglathala at pagposte ng petisyon sa isang kita at publikong lugar sa panahong di bababa sa 10 araw at di lalampas sa 20 araw. Ang paglathala ay upang maberipika ang petisyon at ang kaukulang pirma dito;*

- *Anunsyo at abiso ng Comelec sa pagtanggap ng mga kandidato sa posisyon at paghanda sa listahan ng mga kandidato. Antimano, kasama na sa listahang ito ang pangalan ng opisyal na gustong tanggalin at hindi siya maaring magbitiw sa posisyon habang nasa proseso ng Recall;*

- *Pagtakda ng Comelec ng petsa ng Recall;*

- *Pagsasagawa ng Recall election;*

- *Pagproklama ng Comelec kung sino ang nagwagi sa mga kandidato. Dito lamang sa puntong ito magiging mabisa na ang Recall. Sa proseso ng Recall ay masasabing nasa posisyon pa ang opisyal na gustong tanggalin.*

**ii. Di-tuwirang paraan:** Ito ang Recall na sa halip na simulan ng mga taumbayan mismo ay sinisimulan sa pamamagitan ng kanilang mga halal na opisyal na bumubuo sa "preparatory recall assembly."

Ang mga bumubuo ng ***Preparatory Recall Assembly:***

**Sa Lalawigan:** Lahat ng mayor, vice-mayor, at kasapi sa sanggunian ng mga bayan at kasamang lungsod (component cities)

**Sa Lungsod:** Lahat ng punong barangay at kasapi sa sangguniang barangay sa lungsod

**Sa Bayan**: Lahat ng punong barangay at kasapi sa sangguniang barangay sa bayan

**Sa Nibel ng Legislative District:**

**Kung halal ayon sa distrito ang lahat ng kasapi ng sangguniang panlalawigan**:

LAHAT NG HALAL NA OPISYAL NG MUNISIPYO SA DISTRITO

**Kung halal ayon sa distrito ang lahat ng kasapi ng sangguning panglungsod**:

LAHAT NG HALAL NA OPISYAL NG BARANGAY SA DISTRITO

**d. Ano ang proseso ng Recall na sinimulan ng *Preparatory Recall Assembly*?**

- *Pagtawag at pagbuo ng Preparatory Recall Assembly (PRA). Dito, kailangan lamang ang mayoridad ng kasapi ng PRA na magbuo sa isang sesyon sa isang publikong lugar.Dapat hikayatin ang pakikilahok ng kababaihan sa sesyong ito.*

- *Pagpasa ng mayoridad ng PRA ang isang resolusyon na sinisimulan ang Recall sa sesyong tinawag.*

- *Pagsampa at pagsumite ng resolusyon sa Comelec.*

- *Paghanda ng Comelec ng listahan ng mga kandidato, sa Recall election.*

- *Pagtakda ng petsa ng Recall.*

- *Pagproklama ng nagwagi.*

**Tala:** ***Walang nakasaad sa LGC na maaaring magkaroon ng Recall sa pamamagitan ng PRA sa barangay. Dahil walang binuong PRA para sa barangay, sa tuwirang paraan lamang maaaring simulan ang Recall ng isang opisyal ng barangay.***

**e. Kailan itinatakda ang Recall election ?**

Tinatakda ng Comelec ang Recall election;

- 30 araw mula sa pagsumite ng petisyon o resolusyon kung sa barangay, lungsod, o munisipyo

- 45 araw mula sa pagsumite ng petisyon o resolusyon kung sa lalawigan

**f. Paano naman ang gastusin sa Recall ?**

Ang Comelec ang siyang sasagot sa gastusin ng Recall.

**g. Anu-ano naman ang mga limitasyon sa Recall?**

Minsan lamang sa termino ng isang opisyal maaring magkaroon ng Recall.

Hindi maaring magkaroon ng Recall sa loob ng 1 taon mula sa pagkahalal sa opisyal at sa loob ng 1 taon bago ang susunod na regular na election.

## INITIATIVE AT REFERENDUM

Ang local initiative ay isang ligal na proseso kung saan ang mga rehistradong botante ng isang lokal na pamahalaan ay maaring tuwirang magpanukala, magsabatas, o susugan ang isang ordinansa.

Ang local referendum naman ay isang ligal na proseso kung saan ang rehistradong botante ng isang lokal na pamahalaan ay maaring mag-apruba, mag-susog o di-aprubahan ang isang ordinansa na ipinasa na ng sanggunian. Ang pakikilahok ng kababaihan bilang isang sector ay dapat isaalang-alang sa pagsasagawa ng local referendum.

**a. Sino ang maaring magsagawa ng Initiative at Referendum?**

Ang kapangyarihan sa isang Initiave at Referendun ay nasa rehistradong botante ng mga lokal na pamahalaan.

**b. Ano ang proseso ng isang Initiave?**

1. Pagsampa o sumite ng isang petisyon sa sanggunian na nagpapanukala sa pagtanggap, pagsabatas, pagsasawalang-bisa, o pagsusog sa isang ordinansa o resolusyon. Ang petisyon ay kailangang maisampa o maisumite ng:

- **di-kukulang sa 1,000 na rehistradong botante ng lalawigan o lungsod;**
- **di-kukulang sa 100 na rehistradong botante ng munisipyo;**
- **di-kukulang sa 50 na rehistradong botante ng barangay.**

> *Ayon sa kaso ng Angubong na nabanggit, kahit na isang pirma lamang ng mga kinakailangang bilang ng botante sa punto ng paunang pagsumite sa Comelec ay maari na. Kinakailangan lamang na ang mga pangalan ng kaukulang bilang ng botante ay nasa petisyon sa panahon ng paunang pagsumite.*

2. Pagbigay ng abiso sa sanggunian ng karapatan ng mamamayan sa isang local initiative, kapag di-inaksyunan ng sanggunian ang petisyon sa loob ng 30 araw mula nang matanggap ito.

3. Pagpirma sa petisyon. Sa loob ng mga nakatakdang araw sa ibaba:

- **90** araw (**lalawigan at lungsod**)
- **60** araw (**munisipyo**)
- **30** araw (**barangay**) mula nang malaman ng sanggunian ang kagustuhan ng mamamayan sa isang local initiative ay makuha na ang kaukulang bilang ng pirma sa petisyon. Ang pagpipirma ay gaganapin sa harap ng election registrar, o ng kanyang kinatawan, kinatawan ng mga nagpetisyon, at kinatawan ng sanggunian sa isang publikong lugar sa lokal na pamahalaan.

4. Pagsertipika ng Comelec sa kaukulang bilang ng pirma - Kailangang maberipika ng Comelec ang mga pirma ayon sa voters' book, voters' ID, o sinumpaang salaysay. Kinakailangan ding magkaroon ng di-bababa sa 10% pirma ayon sa bilang ng rehistradong botante sa bawat LGU, at dagdag pa rito ay ang kailangang maabot na di bababa sa 3% ng mga rehistradong botante sa bawat legislative district,

5. Pagtakda ng Comelec ng petsa ng initiative sa loob ng mga nakatakdang araw sa ibaba:

- 60 araw (**lalawigan at lungsod**)
- 45 araw (**munisipyo**)
- 30 araw (**barangay**) mula nang sertipikahan ng Comelec na nakalap na ang kaukulang bilang ng pirma.

6. Pagsagawa ng initiative

7. Pagsertipika at pagproklama ng Comelec sa resulta.

**c. Kailan nagiging epektibo ang panukala?**

Matapos na ma-aprubahan ng mayoridad ng mga rehistradong botante, magkakabisa ang panukala 15 araw matapos na sertipikahan ng Comelec ang resulta sa initiative.

**d. Mga limitasyon sa Initiative.**

Ilang beses: Di-lalampas sa isa (1) sa isang taon

Sa bagay na maaring ipanukala: Limitado lamang sa mga bagay o usapin na nasa kapangyarihan ng kinauukulang sanggunian.

Kung sakaling tanggapin at akuin ng sanggunian, at pirmahan ito ng punong tagapagpaganap (Punong Barangay, Mayor o Governor) ang panukala bago ang initiative, pinapalagay na pasado na bilang ordinansa ang panukala. Kanselado na rin ang initiative.

**e. Mga limitasyon sa mga sanggunian**

Hindi maaring ipawalang-bisa, baguhin, o susugan ng sanggunian ang panukala o ordinansa na naipasa sa pamamagitan ng initiative anim (6) na buwan mula nang aprubahan ito.

**Para sa lalawigan,lungsod, at munisipyo:**

Maari lamang ipawalang-bisa, baguhin,o susugan ng sanggunian ang panukala o ordinansa na naipasa sa initiative sa loob ng tatlong (3) taon matapos ang anim (6) na buwang nabanggit, sa boto ng ng lahat ng kasapi nito.

**Para sa barangay:**

Maari lamang ipawalang-bisa, baguhin, o susugan ng sanggunian ang panukala o ordinansa na naipasa sa initiative sa loob ng labing walong (18) buwan mula nang naipasa ito, sa boto ng ika 3/4 ng kasapi nito.

## MANDATORY PRIOR CONSULTATION

Ito ang obligadong konsultasyon ng lahat ng pambansang ahensya, o opisina ng estado sa kinauukulang pamahalaang lokal (LGU), non-governmental organizations (NGO) na kung saan ang iba't-ibang samahan ng kababaihan ay nabibilang, people's organizations (PO) at apektadong sektor bago ipinatutupad ang isang proyekto o programa sa hurisdiksyon ng LGU.

Kapag ang programa o proyekto ay maaring makaapekto sa:

a. Polusyon;
b. pagbabago ng klima;
c. pagbawas sa "non-renewable resources";
d. pagbawas sa "cropland, range land, o forest cover"; at
e. "extinction of animal or plant species";

magiging isang obligasyon o "DUTY" ng pambansang ahensya, o korporasyong pag-aari o kontrolado ng pamahalaan (GOCC) na kasangkot sa pagpaplano at pagsasagawa ng programa o proyekto na **KONSULTAHIN at IPALIWANAG sa LGU , NGO, PO at** sektor na apektado, ang layunin, epektong ekolohikal at ang mga hakbangin sa pagbabawas ng masamang epekto ng proyekto.

**a. Ano ang dalawang (2) kondisyon na kailangan bago maisagawa ang anumang programa o proyekto ng pambanasang ahensya o opisina ?**

i. Mandatory Consultation

ii. Pagpayag ng sangguniang kinauukulan sa pagsasagawa ng programa o proyekto sa nasasakupan nito.

## LOCAL SECTORAL REPRESENTATION (LSR)

Ang mga sanggunian ng bayan, lungsod, at lalawigan, ay magkakaroon ng sumusunod na kinatawan ng sektor bilang mga kasapi:

- Isang kinatawan ng kababaihan;

- Isang kinatawan ng manggagawa (agrikultural o industriyal), na pipiliin ng sanggunian sa loob ng 90 araw bago ang eleksyon;

- Isang kinatawan na maaring magmula sa mga sektor ng maralitang tagalungsod, mga katutubo, mga may kapansanan, atbp. na pipiliin ng sanggunian sa loob ng 90 araw bago ang eleksyon.

Higit na magiging matibay ang obligadong kosultasyon kung tatayahin kung anu-ano ang magiging epekto ng programa o proyekto sa kababaihan at kalalakihan. Dahilan sa magkaibang papel na ginagampanan ng kababaihan at kalalakihan sa lipunan, magkaiba rin ang epekto ng anumang programa o proyekto isusulong para sa kanila.

**a. May mga alituntunin o regulasyon na bang naipasa para sa paghalal ng kinatawan ng mga sektor sa sanggunian?**

Sa katunayan ay mayroon na. Ang Comelec ay nagpasa na ng dalawang (2) Resolusyon ukol ditto: ang Res. No. 2515 ng Oktubre 27, 1992, at Res. No. 2753 ng Enero 17, 1995.

**b. Sa kabila ng pagkakaroon ng alituntunin sa paghalal, bakit wala pang isinasagawang halalan ukol sa kinatawan ng sektor?**

Ang dahilan ay may napipintong isang tanong na ligal kung may pangangailangan ng isang "enabling law" para sa halalan ng LSR. Lumabas ang isyung ito nang ipinasa na ang R.A. 7887, "An Act Instituting Electoral Reforms For the Purpose of Amending Section 3, Par.(c) and (d) of R.A. 7166", kung saan nakasaad na ang Comelec " shall promulgate rules ang regulations to effectively implement the provisions of law which may HEREAFTER BE ENACTED providing for the election of sectoral representation".

Dahil dito, di na gumawa ng hakbangin ang Comelec upang ipatupad ang halalan sa LSR. Maaring sa tingin ng Comelec, ang RA 7887 ay isang pag-amin ng Kongreso na sa ngayon ay wala pang "enabling law" para sa halalan ng LSR kung kaya't makikita na may mga nakahaing panukalang batas ngayon sa Kongreso ukol dito.

## REPRESENTASYON SA LOCAL SPECIAL BODIES

Sa ilalim ng LGC, ang mga NGO, PO at sektor ng mamamayan ay maaaring magkaroon ng kinatawan sa mga itinakdang "local special bodies" o LSBs upang lubusan at tuwirang maisulong ang kanilang mga mithiin.

**a. Anu-ano ang mga itinakdang LSBs?**

***Local Development Council***- isang lupon na tumutulong sa sanggunian sa pagbabalangkas ng mga direksyong ekonomiko at sosyal sa kaunlaran at nagpapadaloy sa mga gawang kaunlaran sa LGU.

***Local Prequalification, Bids, and Awards Council***- ang lupong ito ang nagsasagawa ng alituntunin sa prequalification of contractors, bidding, evaluation of bids, at pagmumungkahi ng awards tungkol sa mga proyektong inprastraktura sa LGU.

***Local School Board*** - ang lupong nagtatakda ng taunang badyet para sa operasyon at pagmementena ng mga pampublikong paaralan sa loob ng LGU, base sa parte nito sa "Special Education Fund".

***Local Health Board***- ang lupong ito ay inatasang magmungkahi sa sanggunian ng lalamanin ng taunang badyet para sa operasyon at pagmementena sa mga pangkalusugang pasilidad at serbisyo sa loob ng LGU. Ito rin ay turnatayong "advisory committee" ng sanggunian tungkol sa kinauukulang pondo para sa lokal na layuning pangkalusugan.

***Local Peace and Order Committee***- ang lupong ito ay ang siyang nagbabalangkas ng mga plano at polisiya ukol sa kapayapaan at katiwasayan. Ito rin ang siyang nagmamanman na masunod ng LGU ang mga polisiyang nabanggit.

***People's Law Enforcement Board***- ito ang lupong dumidinig at paunang nagdedesisyon sa mga reklamo laban sa mga pulis.

***Tala:*** ***Lahat ng LGU ay dapat na magkaroon ng Local Development Council. Ang ibang LSBs naman ay makikita lamang sa lalawigan, lungsod at munisipyo. Anuman ang LSB na ito, ang representasyon ng kababaihan bilang bumubuo ng 50% ng populasyon ay dapat maitalaga.***

**b. Ilan ang kinatawan ng mga NGO/PO o Sektor sa bawat LSB?**

***Local Development Council*** - di-kukulang sa ika-1/4 ng kabuuang bilang ng LDC ang maaring upuan ng mga NGO na kumikilos sa LGU. Sa loob ng 60 araw nang ma-organisa ang LDC, mamimili ang mga NGOs kung sino ang magiging mga kinatawan nila sa LDC. Ang pag-upo ng nararapat na samahan ng kababaihan bilang kinatawan sa LDC ay isang pagtiyak na ang tinig ng kababaihan ay maririnig ng lokal na pamahalaan.

***Local PBAC****- 2* kinatawan ng mga NGO na pasok na sa LDC

***Local School Board-***

- Presidente ng Federation ng Parent-Teachers' Association sa LGU
- Kinatawan ng Teachers' Organization sa LGU
- Kinatawan ng Non-academic personnel ng public schools sa LGU

***Local Peace and Order Council*** *- 3* kinatawan mula sa pribadong sektor na kakatawan sa: academic, legal, religious, at media

***People's Law Enforcement Board****- 3* kinatawan mula sa komunidad

**c. Awtomatiko ba na maaring makasapi sa LSBs ang anumang NGO o PO na gumagalaw sa LGU ?**

**Hindi**. May proseso ng akreditasyon ng sanggunian na dinadaanan ang mga NGO at PO upang marehistro sila, makilala, at tuluyang makasama bilang kasapi sa LSBs


Ang mga NGO at PO ay maaring makipagtulungan, o pumasok sa isang “partnership" sa LGU, kabilang na ang samahan ng kababaihan.

**a. Anong uri ng pakikipag-tulungan ang maaring pasukan ng NGO at PO sa LGU?**

i. Joint venture kasama ng LGU sa pagbibigay ng mga batayang serbisyo, capabilty-building, at proyektong pangkabuhayan, atbp.

ii. Maaring makahingi o makakuha ng tulong pinansiyal, teknikal o iba pang tulong ang NGO at PO sa LGU

**iii. Elemento ng Mapanlahok ng Pamamahala**



- **Estado**

  Pangunahing nagpapatakbo sa kalakaran ng lipunan at nagbibigay ng kumpas sa mga gawaing paggugubyerno. Sa kanya iniatang ang pamamahala at pamumuno ng bansa sa bisa ng mandato ng eleksyon.

- **Civil Society**

  Binubuo ng lahat ng mga sektor at bahagi ng lipunan. Dito inihahanay ang mga organisadong samahan tulad ng NGO at PO, kooperatiba, simbahan, academe kasama na rin ang mga mamamayang di-organisdao

- **Corporate Society**

  Sumasaklaw sa mga grupo o indibidwal na nasa larangan ng pagnenegosyo na ang pangunahing layunin ay kumita

- **Political Society**

  Mga pampulitikang organisasyon at partido na direktang nakikilahok sa gawaing pulitikal, pormal man o hindi ang kanilang paglahok.

Isang mahalagang bahagi ng epektibong paggugubyerno ay nakasalalay sa maayos na ugnayan ng apat na pangunahing aktor sa lipunan.

Inaasahan ang interaksyon ng bawat isa ay magdudulot ng masiglang kooperasyon sa gawaing paggugubyerno

***Sources:***

*Seminar Module on Basic Orientation Seminar on Local Governance, Sentro ng Alternatibong Lingap Panligal (SALIGAN), 1992*

*Manual ng Pamamahala at Pakikilahok, Sentro ng Alternatibong Lingap Panligal (SALIGAN), 1994*

# PERFORMANCE APPRAISAL FRAMEWORK
### For Incumbent Officials (only for Mayors and Vice Mayors)



**A. PROSESO: POINT SYSTEM (oo, medyo oo, hindi, medyo hindi)**

1. Ang pisara or manila paper ay hahatiin sa apat na column. Sa taas ng bawat column ay susulatan ng **oo, medyo oo, hindi, medyo hindi.**

2. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tigi-tigisang metacard na bilog na may pangalan nila sa gitna.

3. Ang mga nakasaad na factors sa ibaba nito ay babasahin kasama ang mga sub-factors nito.

4. Matapos basahin ang bawat factor, ang mga kalahok ay papupuntahin ng sabay-sabay sa pisara o manila paper upang ilagay ang kanilang boto. Sila ay boboto kung ano sa kanilang pagkakakaalam ang sagot sa nasabing factor na binasa. Ito ba ay oo, medyo oo, hindi, medyo hindi.

5. Bigyan ng sapat na panahon ang mga kalahok upang depensahan ang kanilang naging posisyon at boto. Kapag na-"exhaust" na lahat ng posibleng argumento, ang mga kalahok ay muling papabotohin.

6. Matapos ang botohan, bibilangin ang naging boto sa nasabing factor at sub-factors. Itatala kung ilan sa mga kalahok ang bumoto sa oo, medyo oo, hindi, medyo hindi. Lalagyan ng percentage ang naging boto.

7. Ulitin ang proseso mula bilang 3 hanggang 6 hanggang sa matapos lagyan ng boto ng mga kalahok ang lahat ng factors na nasa ibaba nito.

8. Sa pagtatapos ng sesyon na ito, dapat ay may nakasulat na profile ng candidate sa metacard. Profile na nagsasabi kung sino o anong klaseng tao ang isang kandidato.

**B. FACTORS**

1. **General**
   a. **Pagkakakilala sa komunidad**
      - Mayroon bang mabuting reputasyon sa komunidad
      - May naambag o nagawa ba para sa kababaihan at kalalakihan sa komunidad.
      - Kasama sa mga sektoral na gupo sa komunidad
      - Uri ng pamumuhay na mayroon ang kandidato (i.e., simple o maluho) kaugnay ng kanyang economic conditions

   b. **Abilidad sa Pamumuno**
      - Nalalapitan para tumulong sa mga sectoral/community projects

- Kumukonsulta sa mga organisasyon lalo na sa kababaihan hinggil sa problema at posibleng solusyon sa komunidad.
- Bukas sa mga usapin at mungkahi ng mga sektoral or community organizations lalong-lalo na ng mga kababaihan.
- Nakikinig sa mga hinaing at mungkahi ng sektoral at community organizations at kinikilala ang pakikilahok ng kababaihan sa pagpapasiya.

**c. Disposisyon, atensyon, intriga at iba pa**

- Mayroon bang "secret life"
- May reklamo bang nakasampa laban sa nasabing kandidato (Civil, Criminal or Administrative case)
- Kakayahang tanggapin ng positibo ang mga kritisismo at intriga
- Kakayahang humarap at magsalita sa maraming tao
- Kakayahang makisalamuha sa iba't-ibang uri ng tao
- Kakayahang maisabuhay ang karapatang pantao at itaguyod ang usapin ng kababaihan

**d. Land use sector**

- Tumulong upang magamit at mapakinabangan ang mga lupa ng syudad ayon sa kanilang klasipikasyon
- Tumulong upang mabigyan ng proteksyon ang mga likas na yaman ng komunidad at tiyakin ang pantay na access ng kababaihan at kalalakihan sa mga likas-yamang ito.

**e. Economic Sector**

- Tumulong upang magkaroon ng proyektong pangkabuhayan na isang alternatibong pinagkukunan ng ikabubuhay ng mga kalalakihan at kababaihan.
- Tumulong upang magkaroon ng programa na naghihikayat na paunlarin ang ekonomiya ng komunidad.
- Tumulong upang paunlarin ang pinagkukunan ng hanapbuhay ng mga residente sa komunidad.
- Tumulong upang magpadaloy o maggenerate ng hanapbuhay sa mga kababaihan at kalalakihan.

**f. Human Development Sector**

- Tumulong upang magkaroon ng mga pampublikong paaralan
- Tumulong upang mas marami ang makapag-aral ng libre ang matrikula
- Tumulong upang tumaas ang literacy rate ng komunidad
- Tumulong upang matugunan ang isyu ng tamang pagtatapon ng basura
- Tumulong upang mapaganda ang serbisyong pangkalusugan sa syudad
- Tumulong upang mapataas ang partisipasyon ng mga organisasyon sa komunidad.
- Tumulong upang mapaunlad ang kultura at tradisyon na nakagisnan na sa komunidad.
- Tumutulong upang masugpo ang karahasan sa kababaihan gaya ng pananakit, pambubugbog, prostitusyon at trafficking.
- Tumutulong upang magkaroon ng kongkretong polisiya ukol sa kapantayan ng kababaihan at kalalakihan.
- Tumulong upang mapanatili nag katahimikan at kapayapaan sa komunidad
- Tumulong upang mabawasan kung di man tuluyang matanggal ang korupsyon sa local na pamahalaan
- Established Quick disaster response mechanism (i.e., in case of typhoon, earthquake, flood, fire etc.)

**g. Infrastructure Development Sector**

- Tumulong upang magkaroon ng maayos na daan sa syudad

- Tumulong upang maayos ang sistema ng patubig
- Tumulong upang magkaroon ng mga batayang pasilidad ang komunidad gaya ng day care center at women's crisis center.

**h. Family Background**

- Ang kanyang pinanggalingang pamilya ba ay may maayos na reputasyon sa komunidad
- Ang kanyang mga kapamilya ba ay hindi naging sangkot sa ano mang kontrobersya na may kaugnayan sa kasong moral turpitude
- Ang kanyang mga kapamilya ba ay hindi naging bahagi ng anumang ilegal na gawain

**i. Political Track Record**

- Siya ba ay itinuturing na GUAPO or alternative politician

**j. Relatives in Government and other Connections**

- Siya ba ay may kamag-anak na nanunungkulan din sa gubyerno sa kasalukuyan
- Ang kanyang (mga) kamag-anak na nasa gubyerno ay may matinong reputasyon ba at hindi nasasangkot o nakasangkot sa anumang anumalya sa gubyerno

k. **Prominent Supporters**

- Siya ba ay sinusuportahan ng mga taong may maayos na reputasyon
- Ang perang ibinibigay ng kanyang mga supporters ay nanggaling ba sa mabuting paraan (i.e., hindi sa drugs, jueteng, at iba pang ilegal na paraan)

**l. Organizational/Party Affiliation**

- Siya ba ay bahagi ng partido na itinuturing na mga GUAPO or alternative

**m. Plataporma de Gobyerno**

- Mayroon ba syang plataporma de gobyerno na tutugon sa mga sa mga pangangailangan ng mga tao sa komunidad
- Ang kanya bang plataporma ay posibleng magawa o maganap at hindi magiging panay pangako lamang

**n. Resource Mobilization**

- Tumulong ba siya upang magkaroon ng pondo para sa programa at proyekto ng kababaihan
- Tumulong ba siya upang isulong ang Gender and Development (GAD) Budget

**2. Specific Functions**

**Sangguniang Panlungsod**

Ang Sangguniang Panlungsod ay binubuo ng Vice-Mayor bilang presiding officer, mga regular na konsehal o kasapi, ang pangulo ng panlungsod na chapter ng liga ng mga barangay, ang pangulo ng panlungsod na pederasyon ng mga sangguniang kabataan, at (dapat) ang mga sektoral representatives, bilang mga kasapi.

Bilang katawang lehislatura ng lungsod, ang sangguniang panlungsod ay magpapasa ng mga ordinansa at resolusyon at mag-uukol ng pondo para sa pangkalahatang kagalingan ng bayan at ng mga naninirahan dito at bilang pagsagawa ng mga kapangyarihang pang-korporasyon ng bayan. Mayroon itong kapangyarihan, tungkulin at responsibilidad na:

1. Magpasa ng mga ordinansa at resolusyon na kinakailangan para sa efficient at effective na pamahalaang bayan, at kaugnay nito, ay:

   a. Magreview ng mga ordinansang ipinasa ng sangguniang barangay at mga kautusang ipinalabas ng punong barangay para tiyakin na ang mga ito ay nasa kapangyarihan ng sangguniang barangay o ng punong barangay.

   b. Panatilihin ang kapayapaan at kaayusan sa pamamagitan ng pagpapasa ng mga ordinansang makapipigil sa kawalang-galang sa batas, kawalang kaayusan, kaguluhan, karahasan, rebelyon, at magpataw ng kaparusahan sa paglabag ng mga ordinansang ito.

   c. Magpasa ng mga ordinansang nagpapataw ng multang hindi lalampas sa limang libong piso (P5,000.00) o pagkakulong sa panahong hindi lalampas sa isang (1) taon, o parehong multa at pagkakulong, para sa paglabag sa ordinansa.

   d. Magsagawa ng mga paraan para mapangalagaan ang mga naninirahan mula sa mga masamang epekto ng mga sakuna o kalamidad at magbigay ng relief services at assistance para sa mga biktima ng mga sakuna o kalamidad.

   e. Magpasa ng mga ordinansa na pipigil at magpaparusa sa mabisyong pagkalasing sa mga pampublikong lugar, vagrancy, prostitusyon, pagkakaroon ng mga bahay-aliwan, sugalan at iba pang ipinagbabawal na laro, drug addiction, pagkakaroon ng mga drug den, drug pushing, juvenile delinquency, paglalathala at pagpapamahagi ng malalaswang babasahin, at iba pang mga gawaing nakasisira sa kagalingan ng mga naninirahan sa lungsod.

   f. Pangalagaan ang kalikasan at magpataw ng kaparusahan sa mga gawaing nakasisira sa kalikasan gaya ng dynamite fishing, illlegal logging, smuggling ng natural resources at endangered species, kaingin, at iba pang gawaing lumilikha ng polusyon o ecological imbalance.

   g. Magtakda ng mga kapangyarihan at katungkulan ng mga opisyal at empleyado ng lungsod, pati na ang kanilang mga sahod, allowances at iba pang benepisyo.

   h. Maglagay ng sapat na mekanismo at pondo para sa pag-iingat ng mga ari-arian ng lungsod at mga public documents.

   i. Kung kaya ng pondo ng lungsod, magbigay ng dagdag na allowances sa mga judge, fiscal, public elementary at high school teachers, at iba pang empleyado ng pamahalaang nasyonal na nakatalaga sa lungsod.

   j. Magkaloob ng tulong ligal sa mga opisyal ng barangay na kinailangang magkaso o kaya ay ipagtanggol ang kanilang sarili dahil sa pagtupad nila sa tungkulin.

   k. Kumuha ng group insurance para sa mga opisyales at kawani ng barangay, kung kaya ng pondo.

2. Mangalap ng pondo at gamitin ito nang maayos para sa mga planong pangkaunlaran ng lungsod, at kaugnay nito ay:

   a. Magpasa ng taunan at dagdag na budget ng lungsod.

   b. Magpasa ng mga ordinansang nagpapataw ng buwis, at iba pang singilin.

c. Magbigay kapangyarihan sa Mayor na makipag-usap at mangutang para sa lungsod. Magpasa ng ordinansa para sa floating ng bonds.

d. Maglaan ng pondo para sa pagpapagawa at pagpapanatili ng mga gusali para magamit ng lungsod o magbigay ng kapangyarihan sa Mayor na paupahan sa mga pribadong tao ang mga gusaling iyon.

e. Magtakda ng makatwirang limitasyon sa paggamit ng ari-arian sa loob ng lungsod.

f. Magkaroon ng comprehensive land use plan para sa lungsod.

g. Magbago ng klasipikasyon ng lupa.

h. Magpasa ng mga zoning ordinance ayon sa comprehensive land use plan.

i. Ayon sa pambansang batas, mag-apruba sa mga subdivision plans para sa residential, commercial o industrial na gamit, at maningil ng bayarin.

j. Magbigay ng eksklusibong karapatan na magtayo ng mga fish corral o fish pen, o kumuha ng bangus fry, prawn fry o kawag-kawag o semilya ng anumang isda sa loob ng katubigan ng bayan.

k. Magbigay ng tax exemption, sa botong 2/3.

l. Magbigay ng pautang sa ibang yunit ng pamahalaang lokal o sa mga institusyong pangkawanggawa sa loob ng bayan.

m. Magtakda ng bilang ng mga gusali.

n. Ilagay sa ayos ng inspeksiyon, pagtitimbang at pagsusukat ng mga paninda.

3. Magkaloob ng mga prankisa, magpasa ng mga ordinansang nagbibigay ng permit, o nagpapataw ng buwis o ibang bayarin, at kaugnay nito:

a. Maningil ng makatwirang bayarin sa lahat ng serbisyong ibinibigay ng pamahalaang lungsod sa mga pribadong tao.

b. Ilagay sa ayos ang (regulate) at maningil ng fees sa anumang negosyo, hanapbuhay, o paggamit ng propesyon sa nasasakupan ng lungsod.

c. Magtakda ng mga kondisyon sa paggamit ng mga sasakyang pag-aari ng pamahalaang lungsod.

d. Ilagay sa ayos ang pagkakabit ng mga signs, signboards, o billboards sa mga lugar kung saan matatagpuan ang negosyo o propesyong ipinatatalastas, at maningil ng license fees.

e. Magbigay ng pahintulot sa operasyon ng sabungan, at ilagay sa ayos ang sabong at komersiyal na pagpapalahi ng sasabunging manok.

f. Ilagay sa ayos ang operasyon ng mga tricycle at magbigay ng permit para dito.

g. Magbigay ng pahintulot sa operasyon ng ferry at pagtatayo ng palengke o slaughterhouse. Ang mga kooperatiba ang bibigyan ng prayoridad sa pagbibigay ng prankisa.

4. Ilagay sa ayos ang mga gawaing may kinalaman sa paggamit ng lupa, gusali o struktura sa loob ng lungsod, at kaugnay nito ay:

   a. Magdeklara, pumigil o pumuksa sa isang "nuisance".

   b. Mag-utos na ang mga gusali at lupa ay panatilihing malinis.

   c. Ilagay sa ayos ang pagtatapon ng mga dumi mula sa mga ospital at klinika.

   d. Ilagay sa ayos ang operasyon ng mga restawran, beerhouse, hotel, motel, inn, pension house, lodging house, at iba pang katulad na istablisimento.

   e. Ilagay sa ayos ang pagbebenta ng nakalalasing na inumin sa anumang tindahan.

   f. Ilagay sa ayos ng pagkakaroon ng mga steam boilers o anumang heating device o ng pagtatago ng mga madaling masunog na bagay sa mga gusali sa loob ng lungsod.

   g. Ilagay sa ayos sa operasyon ng mga entertainment o amusement facilities gaya ng mga billiard pools, public dance halls, sauna baths, massage parlors, at iba pa; at magbawal sa ilang uri ng kasiyahan na nakasisira sa kagalingan ng mga naninirahan sa lungsod.

   h. Magtakda para sa paghuli ng mga pakalat-kalat na hayop.

   i. Ilagay sa ayos ng operasyon ng mga funeral parlors at ang paglilibing o pagsunog sa patay.

5. Magpasa ng mga ordinansa na titiyak sa paghahatid ng mga batayang pangangailangan, at dagdag dito, ay:

   a. Magtayo ng mga communal forests and watersheds, tree parks, greenbelts, mangroves, at iba pang forest development projects.

   b. Magtayo ng mga palengke, slaughterhouse o animal corrals at magpahintulot sa operasyon ng mga ito. Ilagay sa ayos sa pagtatayo at operasyon ng mga pribadong palengke, talipapa o iba pang katulad na gusali.

   c. Pahintulutan ang pagtatayo at operasyon ng pamahalaang panlungsod ng ferries, wharves at iba pang struktura na may kinalaman sa pagpapataas ng productivity sa marine at seashore o offshore activities.

   d. Ilagay sa ayos sa preparasyon at pagbebenta ng karne, isda, gulay, at iba pang pagkain.

   e. Ilagay sa ayos sa paggamit ng mga kalye, tulay at parke.

   f. Ilagay sa ayos sa trapiko at magbawal sa paglalagay ng mga harang o sagabal.

   g. Magpatayo ng isang efficient waterworks system para mag-supply ng tubig sa mga naninirahan sa lungsod.

h. Ilagay sa ayos ng mga paghuhukay at pagbabaon sa lupa.

i. Ilagay sa ayos sa pagkakabit ng mga daluyan ng gas, electric, telegraph at telephone wires, at iba pang aparato.

j. Magtayo, kung may pondo, ng vocational at technical schools, at maningil ng makatwirang bayarin para dito.

k. Magkaroon ng isang scholarship fund sa mga mahihirap pero magagaling na mag-aaral na nakatira sa lungsod.

l. Magpatupad ng mga paraan para maiwasan ang pagkalat ng mga sakit.

m. Maglagay ng isang maayos at epektibong sistema ng pagkolekta at pagtatapon ng basura at magbawal sa pagkakalat.

n. Magsagawa ng pag-aalaga sa mga pulubi, mga matanda, maysakit, may kapansanan sa pag-iisip, mga batang ulila, mga drug dependents, abused children at iba pang nangangailangan.

o. Magpanatili ng mga kulungan at maglaan ng pondo para sa mga nakakulong sa bayan.

p. Magtayo ng isang panlungsod na konseho na naglalayong magsulong ng sining at kultura.

q. Magtayo ng isang panlungsod na konseho ng mga nakatatanda na magpapatupad ng mga programa para sa mga nakatatanda.

6. Magsagawa ng iba pang kapangyarihan at iba pang tungkulin na itinatakda ng batas o ordinansa.

**C. Comparative Data Analysis (City Level)**

Ang mga kalahok ay aatasang kumuha sa City Hall ng mga sumusunod na dokumento:

1. **Ordinansa na naipasa mula 2001 – 2003**
2. **Resolution na naipasa mula 2001 – 2003**
3. **Executive Orders (Mayor) na naipasa mula 2001 – 2003**

Sa pagkuha ng mga nasabing dokumento kinakailangang magpunta sa City Hall at humingi ng kopya nito sa pamamagitan ng isang request letter. Nakasaad sa nasabing request letter ang kadahilanan kung bakit humihingi ng kopya at kung sino o anong organisasyon ang humihingi.

Tandaan na ang request letter ay para lamang maging pormal ang request. Ito ay sa kadahilanang ang mga nasabing dokumento ay “public documents” kung kaya’t maaring humingi ng kopya ang sinumang nangangailanagn nito.

Matapos makakuha ng mga nasabing dokumento, gumawa ng pagsusuri at paglalahad gamit ang tools on data gathering na natutunan.

***Source:***
*Para sa mga Gawain ng Sangguniang Panlusod, Local Government Code of 1992*

# TRACK RECORD FRAMEWORK
## For New Candidates (only for Mayors and Vice Mayors)



**A. PROSESO: POINT SYSTEM (oo, medyo oo, hindi, medyo hindi)**

1. Ang pisara or manila paper ay hahatiin sa apat na column. Sa taas ng bawat column ay susulatan ng **oo, medyo oo, hindi, medyo hindi.**

2. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tigi-tigisang metacard na bilog na may kanilang pangalan sa gitna.

3. Ang mga nakasaad na factors sa ibaba nito ay babasahin kasama ang mga sub-factors nito.

4. Matapos basahin ang bawat factor, ang mga kalahok ay papupuntahin ng sabay-sabay sa pisara o manila paper upang ilagay ang kanilang boto. Sila ay boboto kung ano sa kanilang pagkakakalam ang sagot sa nasbing factor na binasa. Ito ba ay oo, medyo oo, hindi, medyo hindi.

5. Bigyan ng sapat na panahon ang mga kalahok upang depensahan ang kanilang naging posisyon at boto. Kapag na-"exhaust" na lahat ng posibleng argumento, ang mga kalahok ay muling papabotohin.

6. Matapos ang botohan, bibilangin ang naging boto sa nasabing factor. Itatala kung ilan sa mga kalahok ang bumoto sa oo, medyo oo, hindi, medyo hindi. Lalagyan ng percentage ang naging boto.

7. Ulitin ang proseso mula bilang 3 hanggang 6 hanggang sa matapos lagyan ng boto ng mga kalahok ang lahat ng factors na nasa ibaba nito.

8. Sa pagtatapos ng sesyon na ito, dapat ay may nakasulat na profile ng candidate sa metacard. Profile na nagsasabi kung sino o anong klase tao ang isang kandidato.

   **Factors:**

   **a. Pagkakakilala sa komunidad**
   - Mayroon bang mabuting reputasyon sa komunidad
   - May naambag o nagawa ba para sa kababaihan at kalalakihan sa lungsod
   - Kasama sa mga sektoral na gupo sa komunidad

   **b. Abilidad sa Pamumuno**
   - Nalalapitan para tumulong sa mga sectoral/community projects
   - Kumukonsulta sa mga organisasyon lalo na sa kababaihan hinggil sa problema at posibleng solusyon sa lungsod.

- Bukas sa mga usapin at mungkahi ng mga sektoral or community organizations lalung-lalo na sa mga kababaihan
- Nakikinig sa mga hinaing at mungkahi ng sektoral at community organizations

**c. Disposisyon, atensyon, intriga at iba pa**

- Mayroon bang "secret life"
- May reklamo bang nakasamba laman sa nasabing kandidato (Civil, Criminal or Administrative case)
- Kakayahang tanggapin ng positibo ang mga kritisismo at intriga
- Kakayahang humarap at magsalita sa maraming tao
- Kakayahang makisalamuha sa iba't-ibang uri ng tao
- Kakayahang isabuhay ang karapatang pantao at itaguyod ang usapin ng kababaihan.

**d. Educational Background**

- May sapat bang edukasyon na makakatulong sa kanyang maayos at masinop na paggampan ng kanyang magiging tungkulin
- May kaalaman ba ukol sa karapatang pantao at usapin ng kababaihan.

**e. Family Background**

- Ang kanyang pinanggalingang pamilya ba ay may maayos na reputasyon sa komunidad
- Ang kanyang mga kapamilya ba ay hindi naging sangkot sa ano mang kontrobersya na may kaugnayan sa kasong moral turpitude
- Ang kanyang mga kapamilya ba ay hindi naging bahagi ng anumang ilegal na gawain o pang-aabuso ng kababaihan

**f. Political Track Record, if any**

- Siya ba ay itinuturing na GUAPO or alternative politician
- Siya ba ay gender-sensitive politician o may tiyak na nagawa para sa pag-unlad ng kababaihan

**a. Profesional Background**

- Siya ba ay naging matagumpay sa kanyang napiling propesyon
- May maayos na track record at makataong reputasyon ba siya sa kanyang mga pinagtrabahuhan o naging katungkulan

**b. Relatives in Government and other Connections**

- Siya ba ay may kamag-anak na nanunungkulan din sa gubyerno sa kasalukuyan
- Ang kanyang (mga) kamag-anak na nasa gubyerno ay may matinong reputasyon ba at hindi nasasangkot o nakasangkot sa anumang anumalya sa gubyerno lalo na sa paglabag ng karapatang pantao at pangaabuso ng kababaihan.

c. **Prominent Supporters**

- Siya ba ay sinusuportahan ng mga taong may maayos na reputasyon
- Ang perang ibinibigay ng kanyang mga supporters ay nanggaling ba sa mabuting paraan (i.e., hindi sa drugs, jueteng, at iba pang ilegal na paraan)

**d. Physical Attributes**

- Siya ba ay walang kapansanan na magiging hadlang sa kanyang maayos na paggampan ng tungkulin
- Siya ba ay may sapat na physical na lakas upang magampanan ang mga tungkuling iaatang sa kanyang balikat

e. **Organizational/Party Affiliation**
   - Siya ba ay bahagi ng partido na itinuturing na mga GUAPO or alternative politician
   - Siya ba ay bahagi ng partido na may tiyak na agenda para sa kababaihan

f. **Plataporma de Gobyerno**
   - Mayroon ba syang plataporma de gobyerno na tutugon sa mga sa mga pangangailangan ng mga tao sa komunidad lalo na ng kapakanan ng kababaihan
   - Ang kanya bang plataporma ay posibleng magawa o maganap at hindi magiging panay pangako lamang

# TOOLS ON DATA GATHERING



Ang paghawak at pagkakaroon ng kinalaman sa mga datos ang pangunahing gawain sa pananaliksik. Dahil dito, mahalagang malaman ang tungkol sa mga uri ng datos at ang mga pamamaraan sa pangangalap nito upang higit na maging maayos at may direksyon ang anumang pananaliksik na isasagawa.

**<u>URI NG DATOS</u>**

**A. Pangunahing Datos (Primary Data)**

Tumutukoy sa mga hilaw na impormasyon na wala pang ibang mananaliksik ang naunang kumalap o mga kaalamang galing mismo sa mga pinag-aralan o sinaliksik, tulad ng pangkabuhayang kalagayan ng bawat kasapi ng unyon o di kaya mga hinaing at kuru-kuro ng mga manggagawa. Mahalaga na ang mga datos na ito ay “sex disaggregated” o ang pagbubukod-bukod ng datos ukol sa kababaihan at kalalakihan. Sa ganitong paraan maipapakita ng malinaw ang pagkakaiba ng kalagayan ng kababaihan at kalalakihan na magiging batayan upang tukuyin ang angkop na pamamaraan upang mabigyang daan ang kanilang kapantayan.

May iba’t-ibang uri ng pananaliksik na maaaring gamitin sa pagkalap ng pangunahing datos kabilang rito ang survey at ang panayam (interview).

**B. Sekundaryong Datos (Secondary Data)**

Tumutukoy sa mga impormasyong dati nang kinalap at isinaayos ng ilang tao o institusyon. Upang makuha ang ganitong mga datos, kailangan lamang magpunta at humingi ng kopya nito sa mga nagsagawa na ng pananaliksik tulad ng Securities and Exchange Commission (SEC), Department of Labor and Employment

(DOLE), at iba pa. Maaari ring makuha ang mga ito sa mga lathalain na inilalabas ng iba't-ibang institusyon o ahensya.

## PAGKILALA NG MGA MAHAHALAGANG DATOS

Sa pangangalap ng mga datos, kailangan tukuyin ng organisasyon ang mga mahahalagang datos para sa kanilang pananaliksik. Maituturing na mahalaga ang datos kung may kaugnayan ito sa kanilang gawain. Kailangang matukoy ng organisasyon ang mga gawaing nangangailangan ng batayang datos at kung ano ang mga datos na ito upang malaman kung ano ang mga taktika at katuwiran ang maaaring gamitin.

## PAMAMARAAN NG PAGKALAP NG DATOS

### A. Survey

Ginagamit ito sa pagkalap ng pangunahing datos sa pamamagitan ng talatanugnan (questionnaire). Maaaring ang buong kasapian ang bibigyan ng talatanungan, o di kaya yaong iilan na kumakatawan sa kanila (sampling). Upang maging epektibo ang survey, kailangang maikli lamang at madaling maunawaan ang mga katanungan.

#### 1. Kahulugan

Ang survey ay isang sistematikong paraan ng paglikom ng mga datos at kaalaman. Karaniwang ginagamit ang survey upang makapa ang opinyon at pananaw ng grupo hinggil sa isang isyu.

#### 2. PAGGAMIT NG SURVEY

Kapag kakaunti ang bilang ng mga kasapi, maaaring magpatawag na lamang ang organisasyon ng pangkalahatang pulong (general membership meeting) at hanguin ang kasagutan ng bawat kasapi sa mga inihandang katanungan. Kapag malaki naman ang bilang ng kasapian, higit na magiging maayos ang paglikom ng mga datos kung mamamahagi na lamang ng mga talatanungan na naglalaman ng lahat ng katanungan na dapat sagutin ng bawat kasapi. Kakalapin na lamang ang mga talatanungan matapos itong masagutan upang maayos at masuri ang mga sagot rito. Anuman ang uri, mahalagang tiyakin na may mga kababaihang kasama o kalahok sa survey.

### B. PAKIKIPANAYAM (Interview)

Ang pakikipagpanayam ay isa sa pinakabatayang kasanayan na dapat matutunan ng isang trainor.

#### 1. KAHULUGAN

Ang panayam ay isang pag-uusap ng dalawang tao na naglalayong makuha ang impormasyong maaaring gamitin sa isang usapin.

Ang mga sangkap ng panayam ay ang mga sumusunod:

a. Ito ay sa pagitan ng kumakapanayam (interviewer) at ng kinakapanayam (interviewee);

b. Ang isyu o problemang pinag-uukulan, mga problema ng kinapapanayam at/o mga kasamahan nito;

## 2. MGA KINAKAILANGAN SA ISANG PANAYAM

### a. Kaalaman sa Layuning Panayam

Mahalaga ito upang mapili ng kumakapanayam kung ano ang mahahalagang datos at hindi masayang ang panahon sa pagbibigay atensyon sa mga datos na hindi naman gaanong mahalaga sa problemang sinusuri.

### b. Sapat na Paghahanda

Bago sumapit ang aktuwal na panayam, kinakailangang may ideya na ang kumakapanayam sa mga tanong na dapat sagutin ng kinakapanayam at sa magiging daloy nito. Makakatulong kung may nakahandang *questionnaire* o *interview forms.* Ngunit mahalaga rin dito na hindi matuon na lamang ang atensyon ng kumakapanayam sa mga inihandang tanong. May mga pagkakataong kailangang magtanong ng mga bagay na wala sa inihandang *questionnaire.*

## 3. ILANG ASPETO AT MGA GABAY SA PAKIKIPANAYAM

### a. Wastong Kaayusan

***Kapaligiran***. Ang lugar kung saan idadaos ang panayam ay dapat pribado at komportable. Ayusin ang upuan upang maging personal (hal. huwag maglagay ng harang sa pagitan, tulad ng mesa.)

Mahalaga ring *neutral* ang mga dekorasyon sa lugar na ito. Alisin ang mga bagay na maaaring makaimpluwensiya o makaapekto sa atensyon ng kinakapanayam.

***Pang-emosyonal na kaayusan***. Mahalaga rin na panatag ang loob ng isa't-isa upang ang impormasyon ay magiging wasto at maaasahan.

May tungkulin ang kumakapanayam na bumuo ng relasyon ng tiwala sa pagitan niya at ng kinakapanayam. Hindi magiging mabunga ang panayam kung walang tiwala ang kliyente o kumakapanayam. Hindi magiging wasto ang impormasyong ibibigay kung walang relasyon ng pagtitiwala. Huwag maging pormal.

### b. Pagsisimula ng Panayam

Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagiging bukas at kumpleto sa pagsagot sa mga tanong.

Gawing komportable ang kinakapanayam. Maaaring pag-usapan muna ang ibang bagay hangga't nakapahinga na at nawala na ang nerbiyos.

May dalawang paraan ng pagsisimula ng panayam depende sa mga pangyayari:

- Pabayaang ang kinakapanayam ang magsimula. Maaaring hikayatin ang kinakapanayam na sabihin kung ano ang nasa isipan niya o gumugulo sa kanya. Mahusay ang paraang ito sa pagkuha ng loob ng kinakapanayam dahil sa kabukasan ng kumakapanayam na makinig sa kanya. Sa kabilang dako, maaari din namang mapahaba itong masyado dahil maaasahang maraming bagay na hindi mahalaga sa tinatalakay na ang lalabas. Ngunit kung titimbangin ang

kapakinabangan at di-kapakinabangan ng paraang ito, lalabas na mas epektibo ito dahil makakatulong sa problema ng kinakapanayam. Bukod dito, magkakaroon din ng kaalaman tungkol sa mga inaasahan ng kinakapanayam.

- Kung hindi masimulan ng kinakapanayam ang panayam o kung may hiyang namamagitan, mas makabubuting ang kumakapanayam na lamang ang magsimula sa pamamagitan ng sunod-sunod na tanong.

**c. Ang Impormasyong Inaasahan ng Kumakapanayam**

Mahalaga na maging malinaw kung anong uri ng impormasyon ang makabuluhan para sa kinakapanayam. Ito ang magdidikta ng magiging daloy ng panayam.

Panatilihing lihim ang pinag-usapan. Kailangan sa simula pa lamang ng panayam ay sabihin na ito sa kinakapanayam upang maging panatag ang kanyang kalooban.

**d. Kaparaanan ng Pakikipanayam**

- Kung kailangang magsulat ng sipi habang nag-uusap, mahalagang ipaliwanag ito sa kinakapanayam.
- Iwasan ang pagsabat habang nagsasalita ang kinakapanayam.
- Maging listo sa mga isyu na maaaring banggitin ng kinakapanayam.
- Pigilan, hangga't maaari, ang pagbibigay ng personal na opinyon o iwasang maging masyadong palapuna sa mga sinasabi ng kinakapanayam.
- Maging sensitibo sa mga *non-verbal* na pagpapahiwatig, tulad ng pagkabalisa o kaayawang pag-usapan ang isang paksa.
- Ang oras ng panayam ay mahalaga ring isaayos. Kung ang kakapanayamin ay kababaihan, naaayon dapat sa iskedyul ng kanilang gawain sa bahay ang panayam.
- Kung sa isang takdang lugar ang panayam, tiyaking hindi mahihirapang makarating dito ang mga kababaihan.

Sa panayam, kalimitang ang hinihingan ng datos ay ang ulo ng tahanan o “head of the family” na iniaakma sa kalalakihan. Hindi ito tamang pakahulugan sapagkat marami na ring kababaihan ang tumatayong ulo ng tahanan at nararapat tumugon sa panayam.

Isang paraan din ang pakikipanayam ang pagkalap ng datos mula sa mga taong may alam o karanasan sa mga usaping sinasaliksik. Sa pikikipanayam, kailangan lamang maghanda ng mga katanungan tungkol sa usapin o bagay na nais alamin upang hindi mangapa at mag-isip pa ng mga itatanong kapag kaharap na ang kinakapanayam. Kadalasan, kapag babae ang kinakapanayam, di maiiwasang magbigay ng opinion o sumagot ang kanyang asawa o kasambahay. Maging maingat na ibalik ang atensyon sa kinakapanayam.

Bagaman, nangangailangan ng karagdagang panahon ang pakikipanayam, magandang pamamaraan ito ng pangangalap ng datos dahil dala ng pagsasagawa nito nang harap-harapan, naililinaw ng nagsasagawa ng panayam sa kinakapanayam ang mga kasagutan sa katanungan at nahihingan pa ng karagdagang mga paliwanag ang mga kasagutan. Dahil dito, naiiwasan ang pagbibigay ng ibang kahulugan sa mga kasagutan ng kinakapanayam at naisasakonteksto lahat ang mga ito.

Bukod sa mga palitan ng katanungan at kasagutan, maaari ring nasa anyo ng pahayag o sinumpang salaysay ang pakikipanayam.

Maaaring gamitin ang anumang nakuha mula sa pakikipanayam bilang hilaw na datos para sa pagbuo ng mga kahilingan o maaari rin naman bilang mga katibayan at karagdagang argumento sa pakikipagtawaran. Halimbawa, maaaring gumamit ng pakikipanayam sa mga dalubhasa o mga sinumpaang salaysay bilang dagdag na batayan ng mga kahilingan sa mga negosasyon.

**e. Pagsisiyasat**

Sa pagsisiyasat, ng mga sekundaryong datos ang kadalasang kinakalap. Tiyakin na ang mga datos ay "sex disaggregated". Sa pangangalap ng mga ganitong datos, kailangan lamang pumunta sa mga iba't-ibang ahensya ng pamahalaan, mga pribadong institusyon, at iba pang nagsasagawa ng mga pag-aaral na magagamit ng organisasyon.

Sa pagsisiyasat, mabuti nang maghanda ng mga sulat (authorization/request letter) at mga I.D. upang mapadali ang pangangalap ng mga datos dahil kadalasan, ito ang mga hinahanap sa mga nagsisiyasat ng mga iba't-ibang ahensya at tanggapan.

# PAGSASAAYOS AT PAGLALAHAD NG MGA DATOS

Hindi sapat na nakalap lamang ang mga iba't-ibang datos upang makapagbigay ang mga ito ng impormasyon na magagamit ng organisasyon. Kinakailangan pang isaayos ang datos na nakalap upang luminaw ang kabuuang kahulugan nito bago maging batayan ng pagsusuri at mga planong pagkilos.

Mayroong dalawang paraan ng pagsasaayos at paglalahad ng datos na malawakang ginagamit.

**TALAAN ng DATOS (Tables)**

Ito ay isang sistematikong pagsasaayos ng datos sa pamamagitan ng isang talaan na may hanay (row) at pitak (column). Ang talaan na ito ang nagsisilbing buod ng mga datos na kinalap at nagbibigay ng kabuuang kahulugan.

Halimbawa:

| **Talaan ng mga ordinansa mula 2001 - 2003** | |
|---|---|
| **Uri ng Ordinansa batay sa subject** | **Bilang ng ordinansang nagawa** |
| Housing | 149 |
| Garbage | 8 |
| Water Drainage System | 5 |
| Education | 4 |
| Community Health Program | 1 |
| Health and Sanitation | 2 |
| Economics | 0 |

Upang magkaroon pa ng karagdagang kahulugan at gamit ang mga datos at hindi lamang maiwan sa paglalahad, maaari ring tingnan ang ugnayan ng iba't-ibang bilang na nakalap. Ang pag-uugnay ng mga datos ay magiging lalong makabuluhan kung gagamitin ang kasarian (gender) na isang salik o elemento sa pagsusuri ng naturang mga datos. Sa ganitong paraan, maipapakita at maihahambing ang kalagayan ng kababaihan at kalalakihan. Sa pagkuha ng mga ugnayang ito ng mga datos, magagamit ang alinman sa mga sumusunod na paraan: average, percentage at ratio.


**Talaguhitan (Graphs)**

Isa ring mainam na paraan ng pagsasaayos ng mga kinalap na datos ang paggamit ng mga talaguhitan. Ang line graph, bar chart at pie chart ang ilan sa mga madalas na ginagamit para rito.

**A. Line Graph**

Sa pamamagitan ng isang line graph, naipapakita ang pagbabago sa ugnayan ng dalawang datos. Nailalarawan nito ang nangyayaring pagbabago sa mga datos sa pamamagitan ng paglalagay ng mga palantandaan (kadalasang tuldok o bilog ang ginagamit) para sa bawat ugnayan ng dalawang datos at pagdudugtong ng mga palatandaan ito ng mga linya.

Halimbawa:





*Note:*
*Bilang pagsasanay ng mga kalahok, maaring gawan ng line graph ang mga datos na nakalap sa tables. Maaring gawin ito sa mga ordinansa, resolusyon at executive orders.*

*Makakatulong din kung magagawan ng linegraph ang mga nakalap na datos bawat miyembro ng Sanggunian upang makita ang "biases" ng bawat isa.*

**B. Bar Chart**

Sa bar chart naman, ipinapakita nito sa pamamagitan ng mga pahalang na parisukat o pari-haba ang sukat ng isang uri ng mga datos kaugnay ng isa pang uri ng mga datos.

Halimbawa:





*Note:*
*Bilang pagsasanay ng mga kalahok, maaring gawan ng bar chart ang mga datos na nakalap sa tables. Maaring gawin ito sa mga ordinansa, resolusyon at executive orders.*

*Makakatulong din kung magagawan ng bar chart ang mga nakalap na datos bawat miyembro ng Sanggunian upang makita ang "biases" ng bawat isa.*

**C. Pie Chart**

Nailalarawan naman ng pie chart ang anumang paghahati. Maaaring paghahati ng kita, gastusin o anumang bilang. Tulad ng pangalan nitong talaguhitan, isang bilog (pie) ang anyo ng pie chart at hinahati-hati ito ayon sa kung gaanong kalaki sa kabuuan ang napupunta sa bawat bahagi o aspeto.

Halimbawa:




*Note:*

*Bilang pagsasanay ng mga kalahok, maaring gawan ng pie chart ang mga datos na nakalap sa tables. Maaring gawin ito sa mga ordinansa, resolusyon at Executive orders.*

*Makakatulong din kung magagawan ng pie chart ang mga nakalap na datos bawat miyembro ng Sanggunian upang makita ang "biases" ng bawat isa.*

May iba pang pamamaraan ng paglalahad at pagsasaayos ng mga datos, ilan lang sa maraming pamamaraan ang binanggit ditto. Sa pagpili ng anumang pamamaraan, kailangan lamang isaalang-alang ang pagiging maayos at simple nito upang madali itong maunawaan ng sinumang titingin at magsusuri.

**PAGLALAGOM:**

**Instructions on Data Gathering**

| **Ano?** | **Paano?** | **Saan?** | **Pagsusuri at Paglalahad** |
|---|---|---|---|
| **Performance Appraisal**<br><br><u>General</u><br><br>➢ Pagkakakilala sa komunidad<br>➢ Abilidad sa Pamumuno<br>➢ Disposisyon, atensyon, intriga at iba pa<br>➢ Land use sector<br>➢ Economic Sector | **Survey**<br>➢ Survey Questionnaire for the community or for the members of specific organization, i.e., PPCRV QC (see Annex A)<br><br>**Interview**<br>➢ Candidates<br>➢ Campaign Manager | ➢ Distribute to the community or to the members of the organization<br>➢ Collect, collate and analyze<br><br><br><br>➢ Contact building | **Tables**<br><br>**Graphs**<br><br>➢ Line Graph<br>➢ Bar Chart<br>➢ Pie Chart |

| Ano? | Paano? | Saan? | Pagsusuri at Paglalahad |
|---|---|---|---|
| ➢ Human Development Sector<br>➢ Infrastructure Development Sector<br>➢ Family Background<br>➢ Political Track Record<br>➢ Relatives in Government and other Connections<br>➢ Prominent Supporters<br>➢ Organizational/ Party Affiliation<br>➢ Plataporma de Gobyerno<br><br><u>Specific</u><br><br>➢ Article 458 LGC<br><br>**Track Record**<br><br>➢ Pagkakakilala sa komunidad<br>➢ Abilidad sa Pamumuno<br>➢ Disposisyon, atensyon, intriga at iba pa<br>➢ Educational Background<br>➢ Family Background<br>➢ Political Track Record, if any<br>➢ Professional Background<br>➢ Relatives in Government and other Connections<br>➢ Prominent Supporters | ➢ Political Party Spokesperson<br>➢ Political Analyst<br>➢ Reliable sources within Quezon City Hall (e.g. Treeasurer's Office)<br><br>**Research**<br>➢ Ordinansa mula 2001 – 2003<br>➢ Resolusyon mula 2001 – 2003<br>➢ Executive Orders mula 2001 – 2003<br>➢ Ordinances Reviewed from 2001 – 2003<br>➢ Summary of Attendance during Regular Sessions of the Sanggunian from 2001 – 2003<br>➢ LOA Filed<br>➢ Complaint filed against the candidates (i.e., Civil, Criminal, Administrative case)<br><br>**Survey**<br>➢ Survey Questionnaire for the community or for the members of specific organization, i.e., PPCRV QC (see Annex B)<br><br>**Interview**<br>➢ Candidates<br>➢ Family members<br>➢ Campaign Manager<br>➢ Political Party Spokesperson<br>➢ Political Analyst<br>➢ Co-worker(s) of the candidates | ➢ Set interview schedule<br>➢ Be ready with the list of questions to be asked<br>➢ Document the interview proper<br><br>➢ Quezon City Hall (need: Request Letter)<br><br>➢ Admin case: Office of the President (need: Request Letter)<br><br>➢ Distribute to the community or to the members of the organization<br>➢ Collect, collate and analyze<br><br>➢ Contact building<br>➢ Set interview schedule | |

| Ano? | Paano? | Saan? | Pagsusuri at Paglalahad |
|---|---|---|---|
| ➢ Physical Attributes<br>➢ Organizational / Party Affiliation<br>➢ Plataporma de Gobyerno | **Research**<br>➢ Bio-data or resume of the candidates<br>➢ Validate the informations stated in the bio-data (i.e., title, school graduated, profession etc)<br>➢ Complain filed against the candidates (Civil, criminal or administrative case) | ➢ Be ready with the list of questions to be asked<br>➢ Document the interview proper<br><br>➢ Local COMELEC Office (need: Request Letter) | |

*Sources:*

*Materials on Legal Interview, Basic Paralegal Skills Seminar, Sento ng Alternatibong Lingap Panligal (SALIGAN), 2003*

*Collective Bargaining Research Manual, Workers' Institute, 1990*

# PROGRAMS OF GOVERNMENT



**A. Session Output**

Matapos ang sesyon na ito, ang mga kalahok ay dapat na nakapagtukoy ng:

1. Mga isyu o problema na kanilang kinakaharap sa kasalukuyan sa kanilang komunidad; at

2. Natukoy kung ano ang puwedeng gawin ng lokal na gubyerno upang matugunan o solusyunan ang mga isyu at/o problemang nabanggit.

**B. Proceso**

**1. Para sa pagtukoy ng mga isyu**

- Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tig-dadalawa (o tatlong metacards, depende sa laki ng grupo);

- Ang bawat metacard ay susulatan nila ng 2 (o 3) isyu at/o problema na kanilang dinaranas sa kasalukuyan;

- Kung tapos na magsulat ang lahat, ang mga metacards ay ipadidikit sa pisara or manila paper;

- Pagsama-samahin ng tagapagdaloy ang mga isyu at/o problemang magkakatulad o magkakaugnay;

- Piliiin ng tagapagadaloy ang dalawa (o tatlong) isyu na may pinakamaraming bilang. Ang dalawa (o tatlong) isyu at/o problemang may pinakamaraming bilang ang siyang gagawan ng programa sa ikalawang bahagi ng sesyon. Kung sa talaan ng isyu ay walang nauukol sa kababaihan, ang tagapagdaloy ay may tungkuling maipalabas ang mga ito.

**2. Para sa pagtukoy ng mga program na tutugon sa bawat isyu**

- Hatiin ang mga kalahok sa dalawa (o tatlong) grupo, depende sa bilang ng isyung napili sa unang bahagi ng sesyon. Tiyaking may kababaihan sa bawat grupo.

- Ang bawat grupo ay bibigyan ng isyu na kanilang tatalakayin at gagawan ng mga mungkahing solusyon.

- Ang bawat grupo ay dapat magtalaga ng tagapagpadaloy at taga-ulat.

- Bigyan ng 15 minuto upang makapag-usap ang maliliit na grupo.


- Matapos ang talakayan, mag-uulat ang bawat grupo.

- Matapos magsalita ang taga-ulat, hihikayatin ng tagapagpadaloy na magbigay ng dagdag na mungkahi, reaksyon at/o puna ang ibang mga kalahok na hindi bahagi ng grupong nag-ulat. Maari ring magbigay ng dagdag na mungkahi ang tagapagpadaloy lalo na kung ang usapin ng kababaihan ay hindi nabibigyan ng gaanong pansin.

- Nararapat na bagsakan ang mga napagkasunduang programa. Hanggang sa makakaya, dapat na consensus ang paraan ng pagdedesisyon ng grupo. Kung sakaling magkaroon ng pagtatalo, at upang iresolba ito, "divide the house" ang magiging proseso; "majority wins".

- Sa pagtatapos ng sesyon na ito, dapat may malinaw na nakasulat na program ng gubyerno ang grupo na tumugon sa usapin ng pag-unlad ng kababaihan at kalalakihan.

## MATCHING OF CANDIDATES



**A. Session Output**

Pagkatapos ng sesyon, may malinaw na mandato ang grupo kung sino sa mga kakandidato ang kanilang nararapat na iboto.


**B. Proceso**

- Balikan ang mga nakasulat sa mga metacards na profile ng bawat kandidato.

- Balikan ang nakasulat na programa ng gubyerno na ginawa ng grupo.

- Pagtapatin ang dalawang unang nabanggit na puntos (profile vis-à-vis programs of government).
- Pagdiskusyunan ng grupo: Sino sa mga kakandidato ang magsusulong ng Program of Government na ginawa ng grupo: Bakit?
- Hayaang magsalita ang bawat kalahok. Pamamaraang maaring gamitin ay ang “isang ikot”.
- Matapos makapagsalita lahat, magkakaroon ng paglalagom sa mga ibinahagi ng bawat kalahok.

## STOP / START / CONTINUE



**A. Session Output**

Mabigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na mapagnilayan ang buong proseso ng voters education na kanilang dinaanan at mabalikan ang kanilang mga naging pamamaraan ng pagboto noong mga nagdaang eleksyon.

**C. Proceso**

Bigyan ng 15 minuto ang mga kalahok upang magnilay. Guide questions, “ Paano ako bumoboto noong mga nagdaang eleksyon? at Paano ako dapat bumoto ngayong darating na eleksyon?”

Matapos makapagnilay, ang bawat kalahok ay inaasahang magbahagi ng kanilang stop / start / continue batay sa naging resulta ng kanilang pagninilay. Isang ikot ng pagbabahagi ng lahat ng mga kalahok.

Bilang huling bahagi ng seminar, lagumin ang mga nangyari sa buong Voters Education seminar.

| NCWP OFFICERS |
|---|
| |

| LOCAL COUNCILS OF WOMEN |
|---|
| |


**NATIONAL COUNCIL OF WOMEN OF THE PHILIPPINES**
*Executive Office: 3/F Richwell, 25 Quezon Avenue, Quezon City*
*Tel. Nos.: (02) 731-8488; 732-5141*
*Fax Nos. (02) 740-4676; 732-9527*
*E-mail: fcfbpwp@info.com.ph*

*Training Center: NCWP Women Center*
*DSWD Nayon ng Kabataan Compound*
*1 Chapel Road corner Ninoy Aquino Avenue, Pasay City*
*Tel. Nos.: (02) 851-0071/7*

OUTSIDE BACK COVER
C/O MTY